# Proceedings, Kumperensya Tandang Sora@200:
## Reconstructing Her Story

**Bulwagang Tandang Sora**
**College of Social Work & Community Development**
**UP Diliman**
**11 A.M. – 12:30 PM**
**March 1, 2012**

## Round Table Discussion: Session 1

### Pagtalakay/*Discussion*
### Tandang Sora: Up, Close and Personal

PAPER PRESENTORS

**Efren Figueroa**
**Josephine Eugenio-Geronimo**
**Nenita Herrera-Reyes**
**Gina Eugenio-Atanacio**

**Ma. Corazon J. Veneracion**
Discussant

# UNANG BAHAGI:

## Mula sa Tagapagtalakay

# Pagbubuong Muli ng Kanyang Kuwentong-Buhay

❄ Ma. Corazon J. Veneracion ❄


## Abstract

The narrative spins off from the papers that Tandang Sora's five descendants (4th & 5th generations) prepared and read at the Kumperensiya Tandang Sora @200, 2012. It attempts to reconstruct the life story of the national hero, as personally remembered, historically documented, and as socially endeared in the places she went about doing, and submitting herself to the consequences of her 1896 revolutionary work at an advanced age. With the available resources at her command, from her farm management and entrepreneurship and as mother to a revolutionary, she supported and gave generously to the cause of *kalayaan.* She was, as a result, deported to Guam in the Marianas, and, later, brought back to her native land shunning recognition and compensation. That we may continue the Filipino struggle for a nation-centered development, do we need a Tandang Sora for our time? —For the 2nd millennium.

The paper is divided into four parts: 1) The journey of her remains; 2) Celebrations and transformations of community remembrance; 3) Faces of Tandang Sora in Quezon City; and 4) Values Tandang Sora lived by to promote nationalist aspiration and social transformation. The paper winds up with the descendants' stories.


**ANG NAIS NATIN NGAYON** ay malirip sa ating kolektibong kamalayan, at nang sa gayon ay lalong mapalapit sa ating loob, ang isa sa ating mga babaeng bayani na isinilang 200 taon na ang nakararaan. Sa ganyang paraan, mas maunawaan sana natin ang kanyang buhay at kung paano ito sinundan ng mga kaanak at kalipi nang siya ay sumakabilang buhay na.

Mapapahalagahan din sana natin, kung dapat nga, ang kaniyang pamana na mahirap matumbasan ng liping Pilipino gamit lamang ang salapi. At kung siya ay matawag, mabanggit sa ngalang "Tandang Sora," ito ay banal na katawagan na dapat gamitin para sa kanya lamang.

Sa Sesyon 1 ng Tandang Sora@200 Pambansang Kumperensya 2012, tinangka nating mapaglapit ang agwat ng mga nakaraang dalawangpung dekada sa ating kasalukuyan. Kasama natin ngayon ang kaniyang mga salinlahi, ang Mga Apo ni Melchora "Tandang Sora" Aquino-Ramos, Inc." Habang gumagawa tayo ng kuwento ni Melchora Aquino at ng kasaysayang bayan: Ano ang maaasahan natin sa kanila na makapagbibigay ng mga kalinawan sa naging buhay, kakayahan, at mga ipinagtanggol ni Tandang Sora para sa bayan? May naikuwento kaya sa kanila ang kanilang mga ninuno? May mga relikya o *artifacts* kaya silang naitago na makapagpapahiwatig sa atin ng *lifestyle* (pamumuhay), pagkatao, at pagkabayani ng kanilang ninuno sa isang napakahalagang panahon (*circa* Himagsikan 1896)? Paano inaalagaan, kung totoo nga, ang mga "pamana" ni Tandang Sora, habang ginugunita ng bayan ang diwa ng bayani.[1]

May mga indibidual na kuwento ng mga "Apo" tungkol sa kanilang dakilang ninuno, si Tandang Sora. Matatagpuan ito sa ikalawang bahagi ng aklat na ito.

## Metodo/Pamamaraan

Sa pag-aaral ng kasaysayan, may tinatawag na metodo na "kasaysayang pasalita" (*oral history*). Panlarangang pananaliksik ito na karaniwang isinasagawa sa Kasaysayan (Camagay, 2012 at Diokno, 2012)[2] at maging sa ibang disiplina ng agham panlipunan (Field, 2007; Veneracion, 1999). Pumapalaot ang mananaliksik sa mga pakikipag-usap at pagsisiyasat ng mga kuwentong buhay at pagkaalala, kasama na ang pagsinop ng dokumentasyon ng pagmamasid. Madetalye, kundi man masugid, ang pamamaraang

ito na kung ilarawan minsan sa Ingles ay sa pamamaraang "*triangulation*."

Bagama't dahop sa dokumentasyon, mayroong nailabas na mga larawan at mga *poster* sa ating 2012 Kumperensya Tandang Sora@200. Malaking tulong ang nagawa ng Pambansang Sinupan (*Archivo Nacional*) at Pambansang Komisyong Pangkasaysayan (*National Historical Commission*) sa ating pagkakilala kay Tandang Sora nitong mga huling dalawang taon. Karaniwan na ang magpakita ng mga larawan ni Tandang Sora sa kaniyang katandaan. Marahil ang pinakabata-bata niyang mukha ay nandoon sa larawang nasa pag-iingat ni Belen Ramos-Terrada, isang inapo *(descendant)* ni Tandang Sora mula sa kanyang anak na si Saturnina.(Tingnan Ikatlong Bahagi, A-1, p. 80.) Sa larawan, nakabihis maria-clara siya, may kwintas at hikaw.

## Hapyaw-tanaw

Gayunpaman, buhat sa mga kuwento ng kanyang mga apo sa tuhod (halimbawa, Ka Emilio), apo sa talampakan (hal., P. Cleofas, J. Eugenio-Geronimo, E. Figueroa, J. Francisco, at N. Reyes) at lampas pa (G.Atanacio),[3] na kinapanayam at bumasa ng kani-kanilang papel sa kanilang tanging sesyon sa kumperensyang ito, may ilang puntos na lumutang at aking sinala. Maaaring sundan ng mas malalim na pag-aaral ang mga sumusunod na paksa, tungo sa pagbubuo at pagpapatotoo ng "buhay-alamat" ni Tandang Sora:

1) Paglalakbay ng kanyang mga labi.
2) Transpormasyon ng mga pagdiriwang ng pagkakilala sa kanya.
3) Mga palatandaan ng diwa ni Tandang Sora sa pang-araw-araw na buhay ng Lungsod Quezon (Mga mukha ni Tandang Sora sa Lungsod Quezon)

4) Mga halagahin (*values)* sa buhay ni Tandang Sora na makapagsusulong ng mga makabayang pagbabagong panlipunan.

Ang apat na paksa ay buod ng mga diskurso at resulta ng mga deliberasyon sa lipunan, bilang patunay ng patuloy na pag-ukit ng kanyang imahe sa kamalayang bayan, na lampas pa sa kanyang kamag-anakan; sapagka't sa ngayon, tayong mga Pilipino ay kabilang na sa mga apo ni Tandang Sora. Sa pagpapatuloy ng pagtalakay, iisa-isahin ko ang apat na paksa na aking binanggit.

**1. Paglalakbay ng kanyang mga labi:**
**Melchora Aquino (6 Enero 1812 hanggang 20 Pebrero 1919)**

Nakatatlong libingan na si Tandang Sora buhat nang siya ay yumao noong Pebrero 20, 1919 (NHI, *Historical marker* –1970, 2007). Nasaksihan ng kanyang una hanggang ikalawang salinlahi ang libing sa La Loma; ng ika-3 hanggang ika-4 na salinlahi ang libing sa Himlayang Pilipino); at pati na ng ika-5 at marahil hangang ika-7ng salinlahi, ang paglalakbay ng kanyang mga labi sa Banlat Road, Quezon City, 2012.

Una ngang inihatid ang kanyang mga labi sa *Cementerio del Norte, Musoleo de los Veteranos de la Revolucion*, *La Loma Cemetery,* Maynila. Mga 51 taon (1919–1970) ang inilagi dito ng kaniyang mga labi. Pangalawa ang kanyang pagkalipat sa *Himlayang Pilipino Memorial Park*, Brgy. Pasong Tamo, Quzon City. Isang pribadong korporasyon, ang *Himlayan* ay bantog sa kaniyang mga malikhaing mural na "Alay sa Diwang Pilipino."[4] Tumagal naman dito ang mga labi ng mga 42 taon, mula 1970–2012 Enero 5. Ang kanyang ikatlo at kasalukuyang hantungan ay ang Bagong Dambana, sa Banlat Rd., Brgy. Tandang Sora, Quezon City. Dito—sa kanyang lupang sinilangan na kanyang nilinang at kung saan niya kinalinga ang mga Katipunero at Katipunera at iba pang kalahok sa panahon ng Himagsikan, at sa lupang kanya ring kinamatayan.

Inilipat dito sa Banlat Rd. ang kanyang mga labi nuon lamang Enero 6, 2012, petsa ng kaniyang ika-200 kaarawan.[5]

May dalawang klase ng panandang pangkasaysayan ang bayani na ngayon ay matatagpuan kapwa sa Banlat Rd., Brgy. Tandang Sora, Lungsod Quezon. Ang isa ay makikita sa lumang rebulto at ang ikalawa ay iyong nasa bagong pambansang dambana.

*"Larger than life"* ang **bagong** dambana (*shrine*). Gawa sa *brass metal* ang apat (4) na pangunahing figuras, na may mga 6 x 4 metro ang taas, at nakabase sa kuldron at apoy; bukod pa sa anim na mural panel, na gawa naman sa *cold cast resin,* na naglalarawan ng mga unang yugto ng naging buhay ng bayani (Abdul- maru L. Imao, eskultor). (Apendise A.5, Larawan ng Pambansang Dambana). Nababakuran ang dambana sa loob ng 2,800 *sq. meter lot*, na binili ng pamahalaangLungsod ng Quezon sa halagang P15,680,000, mula sa mag-asawang Godofredo D. Limcauco at Catherine Aquino-Limcauco, mga dating nagmay-ari ng titulo (Former TCTS Nos. RT-77173/253594).[6] Hinahaka na marahil ang pinaka-orihinal na lumang titulo ay nasa pag-aari ng angkang Aquino-Ramos kung kaya't ito ang piniling paglipatan ng kanyang labi, at sapagkat ito ay malapit sa lugar ng kanyang kapanganakan."

Sa paligid-ligid ng pambansang dambana, namumulaklak ang mga pinutiang gumamela, na isang malikhaing imbensyon ni Dr. Pablito Magdalita (OVCRE, UP Los Baños; Plant Breeding Crop, Biotechnology, Plant Pathology, UPLB ). Kabilang ang *hibiscus* Tandang Sora sa mga halamang bulaklakin na ipinangalan sa mga kababaihang ipinagkakapuri ng bansa. (Apendise A.6, Hibiscus Tandang Sora.)

Noon lamang Enero 24, 2012, naging pambansang dambana ang himlayan ni Tandang Sora sa Banlat, Quezon City. Ipinabatid ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas (National Historical Commission of the Philippines o NHCP) ang ginawa nitong kautusan: *"Declaring the resting place of*

*the remains of Melchora Tandang Sora Aquino in Banlat, Quezon City. a* ***national shrine***" (akin ang diin). Mayroon ding historical marker dito ang National Historical Institute, 2007. Ang lote ngayon ay nasa pag-aaari na ng pamahalaang lungsod ng Quezon, ang pasimuno sa pagpapagawa ng bagong dambana (ca. 2005–2011).[7] Inaalagaan ito ng pamunuang lokal ng Brgy. Tandang Sora.

Samantala, ang **luma** at naunang rebulto o *bust ay* mga 100 metro ang layo sa bagong dambana.[8] Unang itinayo ng National Historical Commission ang pang-kasaysayang pananda sa Banlat Rd. nuong 1958. Pinalitan ang marker nuong taong 1970 (sa di pa malamang dahilan). Nakatayo ang rebulto sa lote ng dating bakuran na kinatayuan ng bahay ni Saturnina Ramos-Sarmiento,[9] anak (unang salinlahi) at naging tagapag-alaga ng kanyang ina na si Tandang Sora nang ito ay makabalik (1903) mula sa kanyang pagkapatapon sa Guam, hanggang sa siya ay pumanaw, nuong 1919. (Tingnan, Apendise D, Larawan ng Mag-inang Melchora at Saturnina.)

Bagamat may bago nang dambana na pinaglipatan ng kanyang mga labi, ang lumang rebulto/*old shrine* ay nananatili pa rin sa kanyang orihinal na puwesto. Nagsisilbi itong tanda na noon pa mang 1958, sinimulan na ng National Historical Commission ang opisyal na pagkilala sa kanya bilang bayani ng Himagsikan. Pinalitan ng Commission ang marker nuong 1970. Makikita ngayon sa lumang shrine, ang pinakahuling palit ng marker nuong 2005, ng National Historical Institute. Sa paglakad ng panahon (malamang 1970-hanggang kasalukuyan), ang rebulto ay naging piping-saksi na ng mga kabataang basketbolista, at mga *informal settlers* na tumira, sa paligid ng rebulto.[10] (Apendise A.3, Lumang Rebulto)

Ang Bangko Sentral ng Pilipinas ay nagpugay sa kanyang ika-200 kapanganakan, 1812–2012 *bicentennial*, sa nakaimprentang salaping papel (P200.00). Nuong mga naunang taon, ang kanyang mukha (Apendise A.2) ay nakalimbag sa lumang salaping papel

(P100.00); at, ang kanyang mukha ay naka-*emboss* sa lumang salaping bagol (P.05). Gayun din, ang Koreo ng Pilipinas ay nagpalabas ng selyo ng kanyang imahe na nakapulang balabal at puting pantaas, nuong Nov. 30, 1969. (Apendise A.2.1)

**2. Transpormasyon ng mga pagdiriwang Kamag-anakan, kabarangay, kalunsuran**

2.1. Pagdiriwang ng mga kapamilya at kaanak

Pinasimulan ng mga inapo ang mga sinaunang pagdiriwang ng kaniyang kaarawan, bandang huli na ng dekada 50. Ang kanilang mga padasal tuwing kamamatayan ng ninunong Tandang Sora ay dahilan para magkaroon ng salu-salo at/o pagkikita-kita ng mga magkakapatid, magkakapamilya at magkakamag-anak, kundi man marahil pati magkakapitbahay sa Banlat.

Kapag nagpista sa Banlat noong huling banda ng dekada 50, kanya-kanya pa sa paghahanda ang mga bahay-bahay. Pinatingkad ang kapistahan ng mga parada, palarong *softball*, pagputong ng korona sa mga piling Binibini ni Tandang Sora,[11] at pagtula ng makata sa pagpapabatid ng kanilang mga halagahin. Sa kalaunan, ang kanyang kaarawan na ang naging araw ng "munting kapistahan" at ng pagsasama-samang muli *(reunion)* ng mga kaanak. Halimbawa, ang mga tagapangasiwa at nag-organisa ng pagdiriwang ay ang mga apo sa ikatlong salinlahi, tulad nga ni Escolastico Figueroa, Pangulo, 1973 (Figueroa, papel na binasa, Kumperensya 2012).

2.2. Pambayan

Hindi lamang sa dugo, kundi pati na rin sa sentimiyento (saloobin) ng bayan nabuo at nabubuo ang daigdig ng mga apo ni Tandang Sora. Sa sariling kusa, nagpasimula sila ng pagdiriwang sa dating barrio Banlat.[12] Nagsalu-salo sila tuwing kanyang kaarawan, at nagplano para sa pagbasa ng pasyon kapag Mahal na Araw (*Holy Week*) na gawain ni Tandang Sora nuong

kapanahunan niya (Villanueva, 2001; Atanacio, papel na binasa, Kumperensya Tandang Sora@2012).

Kasalukuyang pinag-aaralan ngayon ng Mga Apo ni Melchora Tandang Sora, Inc., ang sistematikong pagtulong sa nangangailangang mga kamag-anak, at ang paglahok sa mga parangal ng lunsod/bayan kay Tandang Sora.[13] (Tingnan Apendise B, Punung-kahoy ng angkang Fulgencio Ramos at Melchora Aquino, nirebisa 2013.)

2.3. Pagdiriwang sa pamumuno ng pamahalaang lunsod

Sa kasalukuyan, ipinagdiriwang ang kanyang kaarawan sa pamununo ng pamahalaang lunsod, na nilalahukan ng "Mga Apo ni Melchora Tandang Sora Aquino, Inc." Nawala na nga lang ang mga programang pambarangay (tulad ng balagtasan at pagtula ng mga makata); nawala pati na ang parada ng mga Binibining Tandang Sora. Subalit, sa antas na panlunsod, nagkaroon naman ng mas malaking programa na pinag-uugnay ang iba't-ibang institusyon para sa pagdiriwang. Ngayon, ang lungsod, kundi man ang sambayanan *(nation)*, ay pangunahing tagapag-organisa sa pagdiriwang at pag-alaala ng kanyang naging buhay, lalu na nga sa araw ng kanyang kaarawan at kamamatayan. Kinikilala sa mga pagdiriwang na ito ang papel ng Mga Apo ni Melchora Tandang Sora Aquino, Inc., sa mga pagplano at pagdiriwang mismo. (Tingnan, Apendise K, Ika-3 at Ika-4 na salinlahi, Mga Apo ni Melchora "Tandang Sora" Aquino, Inc. Ppt. presentation ni J. E. Geronimo, Pangulo).

## 3. Mga Palatandaan ng Lungsod Quezon patungkol kay Tandang Sora (Mga Mukha ni Tandang Sora sa Lungsod Quezon)

3.1. Pagkakaroon ng Barangay Tandang Sora

Nagsimula lamang ang pagkakaroon ng Barangay Tandang Sora sa Lungsod Quezon sampung taon bago dumating ang Batas Militar (1972), nuong 1962 sa bisa ng Quezon City Ord. 5087,

S-62. Nuon ang panahong nasimulan nga ang katawagang "barangay" sa halip na "barrio." Sa ordinansang ito, binuo ang bagong likhang barangay Tandang Sora, Lungsod Quezon, mula sa bahagi ng (dating) Banlat"[14] na dating teritoryo (o *area*) ng Caloocan.[15]

3.2. Mga kasalukuyang pananda (*marker*) at pang-alaala

Kahit sa karaniwang araw, buhay ang siyudad ng Quezon sa mga palatandaang Tandang Sora. Mga halimbawa: ang daan at mga krus-na daan, ang makasaysayang landas *(historical trail)* sa Banlat, at mga panlipunang infra-istruktura, atbp. Tingnan ang Mapa ng Brgy. Tandang Sora (Apendise D).

3.2.1 Daang Tandang Sora Ave. at mga kakrus na daan, Lungsod Quezon

Nariyan ang mga krus- na- daan ng Tandang Sora Avenue at ibang malalaking daan. Maraming tao ang nakakaalam at dumaraan dito; batid kaya nila ang kabuluhan ng pangalang "Tandang Sora?"

✕ (Mga krus-na-daan): Mula sa dulo ng Katipunan Ave. (Matandang Balara, Silangan), ang Tandang Sora Ave. ay tumutuloy hanggang tumumbok sa Quirino Highway (Kanluran). Ito ay bumabagtas sa malalaking daanan ng Commonwealth Ave., Congressional Ave., Visayas Ave. at Mindanao Ave. Kaya nga't ang Tandang Sora Ave. ay dumadaan sa ilang barangay tulad ng Sangandaan, Tandang Sora, Pasong Tamo, Culiat at Matandang Balara.[16]

Bagamat ilang ulit nang niluwangan ang mga kalsadang ito sa nakaraang limang (5) taon lamang, may mga oras na napaka-sikip at/o napaka-abala pa rin nito, at nangangailangan ng *traffic lights at traffic cops.*[17]

3.2.2. Ang Pugad-Lawin, Bahay Toro at Banlat sa buhay ni Tandang Sora

Magkakalapit ang mga lugar/barrio ng Pugad Lawin, Bahay Toro at Banlat sa mapa ng kasaysayan ng Himagsikan ng 1896.[18] Sa ngayon, tanging Bahay Toro na lamang ang namamayaning barangay. Ang Banlat ngayon ay pangalan na nga lamang ng isang mahabang kalsada (Banlat Road) na may tatak *"historical trail"* (makasaysayang landas) sa Barangay Tandang Sora, ng Lungsod Quezon.

3.2.3. Ang Baryo Banlat at Banlat Rd., Quezon City sa Brgy. Tandang Sora

Dati'y isang baryo ang sinaunang Banilad na naging Banlat kalaunan, na sa dating Kamaynilaan ay sakop ng Caloocan. Pinagkunan nga ito ng teritoryo ng Brgy. Tandang Sora, nuong 1962, sa bisa ng Quezon City Ord. 5087 S-62.

Nasa pusod ngayon ng Brgy. Tandang Sora, ang Banlat Road ay nagsisimulang perpendicular sa Tandang Sora Ave., at tumatagos sa magkapwang historikal marker ng lumang rebulto at bagong dambana ni Tandang Sora.

Inilalarawan ni Rene Villanueva (2001) ang lupang Banlat na sinilangan, ipinasaka at kinamatayan ni Tandang Sora (ca. 1812–1919) nang ganito:

> … Ang mundong unang nasilayan ng batang si Sora ay parang isang berdeng paraiso. Liblib na baryo ang Banlat. Hanggang matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ikinukubli ang baryo ng malalaki at malalagong puno, matitibay na kawayan, madadawag na halaman, kogon at damong ligaw. Sa araw-araw, walang bumabasag sa katahimikan sa berdeng mundong iyon kundi ang mga huni ng ibon, siyap at tilaok ng manok, ungol at angil ng sarisaring hayop. Kung gabi naman, sitsit ng mga kuliglig o kaya'y ingay ng mga palaka kung tag-ulan, ang nagpapahimbing sa mga taga-roon.[19]

3.2.4. Makasaysayang Banlat at papel ng pamilya ni Tandang Sora sa Himagsikan

Tigib ng makasaysayang pangyayari sa Banlat ang naka-ugnay sa pakikilahok at paglilingkod ng pamilya ni Tandang Sora sa Himagsikang 1896 (Alvarez, 1992; Villanueva, 2001). Si Juan

Aquino-Ramos, panganay na anak ni Tandang Sora, ay naging kasapi ng Katipunan. Lumikas ang mga Katipunero at Katipunera sa sabsaban (*barn)*, kamalig (*granary),* at gayundin sa bahay ni Tandang Sora, sa Banlat. Nagpahinga, kumain, at nagpagamot duon.[20] Sa kasamaang palad, nasukol ng mga armadong sundalo ng Espanya ang mga Pilipinong manghihimagsik na may hawak lamang ng bolo, kampit at kutsilyo. Kabilang ang Banlat sa mga iba pang lugar (hal. Balintawak, Pugad Lawin, atbp.) na kung saan "nagpunit ng sedula" ang mga mamayan bilang hudyat ng pagkalas sa Espanya at simula ng armadong himagsikan laban sa Espanya ng mga Katipunero (Teodoro A. Agoncillo, *Revolt of the Masses,* 1956; Cristobal, *Tragedy of a Revolution,* 1997).

3.2.5. Gulod ng lumang rebulto na ginamit noong Himagsikan

Sa mga kuwento ng mga apo, nuong panahon ng Himagsikan ay may mataas na lugar (Paltoc; gulod) sa lumang rebulto ng Banlat. Mula dito, maaaring makita ang Maynila (hanggang Manila Bay). Nakapag-sentinel ang mga Katipunero buhat sa isang mataas na puno sapagkat dito natatanaw na ang papalapit na mga kaaway na sundalo, atbp. sa lugar na kanilang pinagtataguan.[21]

3.2.6. Melchora Aquino bilang "Kabesang Sora"

Batid ng mga apo na si Melchora Aquino ay tinawag ding "Kabesang Sora," bilang kabiyak ni Kabesang Fulgencio Ramos[22] ng baryo Banilad noon (Alvarez,1992). Gayun pa man, sa sinaunang panahon, lalaki lamang ang ginagawaran ng titulong "*Cabeza*" (J. Veneracion, kapanayam, 2012). Sayang nga lamang dahil wala ni isa sa mga apo na bumasa ng papel sa kumperensiya ang nakapagpalawig ng naging relasyon/posisyon ng mag-asawa sa pamayanan. Kung bibigyang pansin ang naging pagmamay-ari nila ng tinatayang 25 – 100 ektaryang lupa sa Banlat (Figueroa,

panayam, 2012), masasabi natin na sila ay nagmay-ari ng isang malawak na lupain, na nuon ay gamit-batayan ng paghirang ng Kabesa (talababa ni P. Malay, 1992; nasa Alvarez, 2001, p.19). Kung ganoon nga, sila ay nagkaroon ng mga taong kasama at/ o kawaksi sa paggawa sa lupaing kanilang sinaka at tinirahan (Fernandez, binasang papel, 1997).

## 4. Iba pang saliksikin sa kaniyang pagkabayani

4.1. Iba o di pa natutuklasang pertinenteng dokumentasyon ng Himagsikan

Makakakuha pa nga kaya tayo ng mga rekord ng Himagsikan at nang mapag-aralan ang kanyang dinaanang *inquisicion* hinggil sa kanyang partisipasyon sa pag-aaklas ng bayan noon 1896, habang naninirahan sa Banlat at nagnenegosyo sa Balintawak? Sana ay makakuha pa ng mga dokumento ukol sa Himagsikan at nang mapag-aralan at maisulat ng ating mga historyador. Kung si Gat. Apolinario Mabini ay iginagalang bilang "Utak ng Rebolusyon,"[24] si Tandang Sora naman ay tinitingala ng bayan bilang "Ina ng Himagsikang 1896." Sa pagiging ina, isinabalikat niya ang pagtugon sa mga batayang pangangailangan tulad ng pagkain, pagpapahinga, kanlungan at pagpapanumbalik ng lakas ng mga Katipunero at Katipunera. Sa pagiging rebolusyonarya, hindi niya ipinagkanulo ni isa man sa kanila nang siya ay dakipin at isinailalim sa *inquisicion* ng mga imbestigador. —Dito nagkakaisa ang mga salaysay.

4.2. Tatlong bersyon ng pagkapiit

Ipiniit si Tandang Sora matapos dakipin. May tatlong bersyon sa mga pangyayaring bumalot sa kanyang pagkapiit, na mula sa mga salaysay nila Fernandez (1997), Villanueva (2001), at Reguindin (2012), lalo na sa lugar ng, at itinagal sa, piitan bago siya ipinatapon sa Guam.

Sa gulang niyang walumpu't apat (84) sumiklab ang Himagsikan, 1896. Hinuli at ikinulong siya sa Bilibid, Manila ngunit hindi siya napaamin at walang siyang ibinunyag na impormasyon tungkol sa Katipunan (Villanueva, 2001; Fernandez, 1997). Sumunod nito, siya nga ay ipinatapon sa Guam.

Sa bilang ng araw ng kanyang pagkabilanggo bago siya ipinatapon sa Guam, magkaiba ang kay Reguindin at ang kina Villanueva at Fernandez: isang buwan ayon kay Reguindin samantalang tatlong (3) araw lang kay Villanueva at apat (4) na araw kay Fernandez. Ayon kay Reguindin (2012), "ikinulong siya sa Espanya (*Cuartel de Espanya*),[25] sa loob ng isang (1) buwan at pagkatapos ay ipinadala at ipinatapon sa Guam."[26] Ayon kay Fernandez (1997), nuong Sept 2, 1896, o may apat na araw lamang buhat nang siya ay hulihin (Aug 29) at ikulong, ipinatapon ang grupo nila Tandang Sora sa Guam. Ayon naman kay Villanueva (2001), inaresto siya at ikinulong muna sa bahay ng *cabeza de barangay*, bago dinala sa Bilibid; at ang sumunod na kautusan ng pagpapatapon sa Guam ay galing sa mesa ni Gov.-Gen. Ramon Blanco. Subalit sa petsa ng ulat ng listahan ng mga deportados sa Marianas (Oct 7, 1896), higit pa sa isang buwan siya nakulong bago siya ay naipatapon (Churchill, 2011).

4.3. Paano ilalarawan ang naging buhay ni Tandang Sora sa Guam, ca. 1896–1903?

Napakaganda sana kung mailalarawan natin nang husto ang naging buhay ni Tandang Sora nang siya ay ipatapon ng mananakop sa Guam.[27] Ayon sa mga bukambibig (na hindi ko pa matunton ang pinanggagalingan), sandali lamang naman nakulong si Tandang Sora sa Guam. Dahil babae, kinuha siya ng isang mayamang taga-Guam, si Don Justo Dungca.[28] Nanilbihan si Melchora Aquino sa pamilya bilang kasambahay (*domestic helper*).[29]

Nagpang-abot si Tandang Sora (nasa Guam, 1896–1903) at Gat. Apolinario Mabini (nasa Guam, 1901–1902) sa kanilang

pagkatapon. Nauna nga lang ng kulang-kulang limang (5) taon si Tandang Sora dahil si Gat. Mabini ay naging Punong Ministro at Kalihim ng Ugnayang Panlabas pa ng Rebolusyonaryo/ Unang Republika na Pamahalaan ni Hen. Emilio Aguinaldo[30] at nahuli lamang ng pwersa ng Estados Unidos noong Digmaang Pilipino-Amerikano. Ipinatapon si Mabini nang siya ay tumanggi na manumpa sa bandila ng kaaway.

Kung nais nating malaman ang naging kalagayan ng mga ipinakulong nuon duon sa Guam, magagamit na batayan ang dalawang liham ni Gat. A. Mabini, mula sa kulungan. Sa mga liham na ito, mahihinuha natin ang kondisyon ng pagkakakulong, tulad ng uri ng pagkain (laging de lata tulad ng carne norte),[31] at ang kakulangan ng ehersisyo.[32] Habang nasa kulungan, minabuti ng mga preso na mag-aral ng iba't-ibang bagay.[33] Sa puntong ito ay dapat banggitin naging kahanga-hanga ang pagkatuto ng pagsulat sa banyagang wikang Ingles ni Gat. Mabini. —(Mas maagang nakabalik sa Pilipinas si Gat. Mabini kaysa kay Tandang Sora.)

Duon nga sa Guam, inabutan si Tandang Sora ng pagpapalit sa Pilipinas ng rehimeng Espanyol sa rehimeng Amerikano. Kulang-kulang na pitong (7) taon siya sa pagka-*destierr*o (pagkatapon at pagkapiit) at 1903 na nang siya ay makabalik. Sa puntong ito, maaring itanong, anong mga kaalaman pa nga kaya ang pinayabong ng mga Pilipino sa panahon ng *destierro*?

Namuhay siyang muli sa Pilipinas at tumagal ang kanyang buhay ng mga 16 taon pa. Nuong 1919 siya ay pumanaw sa gulang na 107.

4.4. Ano ang masasabi ng mga rekord ng lupain sa sinasabing pag-aari ng mag-asawang Melchora Aquino at Fulgencio Ramos?

Matutunton pa kaya ang ilan sa mga lupaing Aquino-Ramos sa Banlat batay sa mga talaan ng mga pagmamay-ari ng lupa sa *Philippine Register of Deeds*?[34] Maaaring ang mga dokumento ng lupaing ito, kung mayroon man, ay nandoon na sa Pambansang

Sinupan (Archivo). Ang mga lupaing ito ay maaaring *leased* o binubuwisan ng pamilya sa pamahalaan (sa totoo, *religious estates*) tulad ng gawa ng pamilya Rizal sa Calamba nuong mga panahong yaon (Fernandez, Kapanayam, Tierra Bella, Quezon City, Feb. 7, 2013). Kung hindi naman, maaring nagmula ang mga lupa sa mga subasta na isinagawa noong mga taong 1840s, tulad ng ginawa ni Paul de Gironiere sa Jala-Jala.[35]

**5. Mga panlipunang infra-istruktura**

5.1. Ngayon, dito sa Brgy. Tandang Sora nakapangalan sa ating bayani ang Barangay Hall, National High School, at Elementary School.[36] "Hindi iba" kay Tandang Sora ang kasalukuyang Brgy. Kapitan Hector "Jun" B. Geronimo, ang kabiyak ni Josephine Eugenio-Geronimo, na inapo sa ika-4 na henerasyon, mula sa pamilya ng anak o unang salinlahi na si Saturnina Aquino Ramos-Sarmiento.

5.2. Matatagpuan sa barangay ang mga ilang "*gated-subdivisions*" at lupaing komersyal. Sino ang makapagsasabi kung alin sa mga lupaing ito ang dati ay pagmamay-ari ng pamilya o angkan ni Tandang Sora? Ano nga kaya ang nangyari o kinahinatnan ng mga lupain (100 hektarya, sa pagtataya ng ilang apong kinapanayam (Fugueroa, Reyes; at may-akda, e.g. Zaide sa Ocampo, *Philippine Daily Inquirer*, Enero 6, 2012)?[37]

5.3. Sa labas ng Barangay Tandang Sora, sa loob ng UP Diliman, nakatayo ang isang konkretong gusali na may tatlong palapag—ang *College of Social Work and Community Development* (CSWCD), at nakapangalan sa alaala ng bayani (Melchora Aquino Hall). Ang kolehiyo ay may programang akademiko na nagsusulong ng pag-aaral na pangkababaihan (*Master of Women and Development*), bukod sa mga programa ng mga disiplinang Gawaing Panlipunan (*Social Work*), at Pagpapaunlad ng Pamayanan (*Community Development*).

Sa loob pa rin ng U.P. Diliman, sa *Palma Hall*, sa mural ng lobby ng *Wilfrido Ma. Guerrero Theater*, naruong nakaguhit ang imahe ni Tandang. Sora kasama ng iba pang bayani ng lahi.

## 6. Pagtinging akademik

6.1. Sa literatura, ang pagtinging pangkababaihan sa pag-aaral kay Tandang Sora ay nasimulan nina Soriano (1995), Fernandez (1997), Bascara (2002), at Churchill (2011). May isinulat ang historyador na si Dr. Isagani Medina tungkol kay Melchora Aquino na matatagpuan sa aklat na *Women of the 1896 Revolution* na kinomisyon ng mga "Kaanak '96" (Rafaelita Soriano, patnugot, 1996). Nakasulat din dito sa aklat na ito ang pagnanasa ni Medina (S.L.N.) na makapagsaliksik pa sana ng mas malalim tungkol sa bayani.

6.2. Narito naman ang interpretasyon ni G. Bascara (2002), hinggil sa partisipasyon ng kababaihan sa Himagsikan:

> Ang desisyon ng kababaihan na lumahok sa himagsikan ay tunay na pahayag na kanilang nililisan na ang mundo ng kanilang domestikasyon, at tinatahak nila ngayon ang landas na dati ay laang pangkalalakihan—ang rebolusyon. Sila Rosario Villaruel, Gregoria de Jesus, Tandang Sora at ibang katipuneras at masones ay nagsikhay ng kababaihang nakapangyayari at ng paglaho ng kaisipan ng mahinang babae. Hindi lamang ang pagnanasa na makapagpalaya ng bayan ang kahulugan ng partisipasyon ng kababaihan. ... Dapat ding isalin na ang kalayaan ng bayan ay nangahulugan din ng kalayaan ng kababaihan mula sa pagkakilala sa kanila bilang pasintabi at tau-tauhan lamang sa buhay ng mundong kalalakihan. —Ito ang nagpapaliwanag kung bakit ang mga babae sa mga titik ng La Vanguardia ay kasingsabik ng mga lalaki hinggil sa himagsikan. (Salin ng tagapagtalakay, mula sa orihinal na Ingles ni Bascara (2002).[38]
>
> NOTA: Ngunit bago pa man mag-1896, maraming babaylan (Salazar, 1989) at kababaihan na ang nakibaka at nakisangkot sa mga kilusan sa kasaysayan! Mayroon na rin daw tayong Waray Tipung sa Bohol, halimbawa.[39] At paano naman sila Gabriela Silang (ika-18 siglo) at Teresa Magbanua (ika-19 siglo)? (Tingnan din si Jocano,1980; Llanes, atbp.). ... Sa kabilang banda, malinaw ang patakaran ng KKK na ang mga kababaihan ay kapantay ng kalalakihan, sa mga karapatan man, hal., sa pagboto o paghimagsik.[40]

6.3. Gayundin, kapansin-pansin ang pagkaisa-isang tukoy ni Dr. Bernardita Churchill (2011) sa mga pangalan ng mga kababaihan at ang pagkabanggit lamang ng bilang ng mga kalalakihan na mga ipinatapon sa Guam. Ayon kay Churchill:

> Mula sa listahan ng mga taong ipinatapon sa dahilang pulitikal at ang kanikanilang destinasyon, Oktubre 7, 1896, isa si Melchora Aquinio sa mga ipinatapon sa Marianas Islands (at ang Guam ay isa na nga rito). Kasama rito ang mga lugar na Marianas, mga isla ng Yaps, at Ponape) sa Africa sa Fernando Poo; at timog Pilipinas tulad ng Puerto Princesa, Balabac at Jolo. Anim (6) na iba pang babae ang nakalista sa mga ipinatapon sa Fernando Poo. —sina Antonia Laureta, Florencia Beltran, Macaria de los Santos, Cecilia Laureta, Miguela Vega at Teodorica de la Rosa, at *labindalawang lalaki* (Aking diin).[41]

## 7. Mga halagahin sa buhay ni Tandang Sora

Sa kanyang buhay kabilang ang panahong siya ay nakiisa sa bayan at naghimagsik para sa kalayaan at kasarinlan. Nagpamalas si Melchora Aquino ng kahanga-hangang mga halagahin o *values:* kasipagan, katapangan, pagkalinga at pagbibigay sa kapwa, at pagmamahal at pagiging tapat sa bayan.

7.1. Sa pagiging "Ina ng Himagsikan, "ang kanyang paglilingkod sa bayan ay naging "sapat ng kabayaran para sa kanya" (Villanueva, 2001). Tulad ng isang ina sa kanyang pamilya, hindi siya naghanap ng kapalit sa kanyang ginawang pag-aasikaso para sa kagalingan at kabutihan ng kanyang mga kapamilya at sa mga labas pa sa kamag-anakan.

7.2. Sa halagahing kasipagan, pinakita niya ang pamamahala at pangangasiwa ng likas na yaman at pagpapalago ng kabuhayan ng kanilang pamilya sa mga taniman sa Banlat at sa paglalako sa pamilihan sa Balintawak (Perry Cleofas, ika-4 na salinlahi, inihandang papel, Tandang Sora@200 Kumperensya, Marso 2012). Sabi nga ni Ka Emilio (batay sa kapanayam), "Sino ang bibili ng produkto mo dito (sa Banlat)? Gubat, ito. –Duon, duon ka sa Balintawak!"

7.3. Sa katapangan, hinarap niya ang mga tagadakip niya nang mahinahon; at naging tadhana niya ang kanyang pagkapiit at pagka-*destierro* ng dahil sa paghihimagsik. Sabay sa pagmamalas ng katapangan ay ang pagmamahal sa bayan at kapwa. Kahit sa kanyang katandaan, pumagitna ang ating bayani sa larangan upang kalingain ang mga gutom, may-sakit, o nasugatang kababayan niyang naghimagsik. Tumulong din siya sa pagkakanlong nila habang lumalaban sa kolonyalismo. Mahinahon niyang hinarap ang mga banyagang militar, ang *Guardia Civil*, na umaresto sa kanya, hanggang sa maipatapon siya sa Guam. Nang siya ay makabalik, may nagsasabing tinanggihan niya ang pensiyon na inalok sa kanya ng kolonyal na pamahalaang Amerikano (Villanueva, 2001).[42]

## 8. Pagwawakas

Marahil sa mga susunod na kumperensiya, marami pa tayong malalaman hinggil kay Tandang Sora. Maaalaala natin siya sa ating sariling panahon at paraan.

8.1. Ngayon, 200 taon matapos isilang si Tandang Sora, nakikipaglaban tayo upang lumaya sa kahirapan, sa mga pagbabagong bahagi ng pag-ikot ng planeta *(climate change/global warming)*, sa pagkalason ng tubig, at iba pang krisis pangkapaligiran. Hamon pa rin sa atin na ang mga karapatang pantao ay maging panukat ng pagkakapantay-pantay ng mga bansa. Kilalanin natin na mayroong mga nananatiling balakid sa pagkakaroon ng dignidad, sa paggalang, at katuparan ng katarungang panlipunan. At sana nga ay maitutuloy natin ang Himagsikang 1896 na sinimulan at hindi natapos nila Tandang Sora.

8.2. Ano't ano man, sa pagbabahaginan ng kani-kaniyang kakayahan, mula sa mamamayan, pamilya at pamayanan, sinisikap nating malampasan ang mga batayang pangangailangan upang mabuhay nang mainam at maginhawa. Nakasalalay pa rin sa mga

pamilyang Pilipino na pangalagaan at pagyamanin ang kanilang mga kinagisnang kalikasan at kapaligiran, pinagkukunan ng kabuhayan, at ang mga halagahin na ipinagbuwis ng lakas, kundi man ng buhay, ng ating mga ninuno. Ang pagsuporta sa kagalingang pampamilya at panlipunan ay nananatiling pangunahing responsibilidad ng pamahalaan, kaagapay ng mga samahan na di-pampamahalaan *(*non-government organizations o NGOs).

8.3. Sa kabila ng pagiging balo ng isang "Cabezang Sora" *(*na nilakasan ang loob at nagsipag na itaguyod ang kanyang noon ay anim na maliliit na supling), nangibabaw sa kanya ang "kamalayang panlipunan." Tinanggap niya at sinuportahan pa ng labis-labis ang pagiging Katipunero ng anak niya at siya mismo ay naging isang manghihimagsik. Inialay niya sa bayan ang kanyang mga yaman, tapang, at anuman lakas na mayroon pa siya. Ninais niyang ipaglaban ang mga saligan ng karapatang pantao.

8.4. Nakaukit sa kaisipan ng mga apo ni Tandang Sora, at sa atin na kababayan nila, ang ginawang "pagkalinga" ng bayani na tila isang ina sa mga naghimagsik. Nakiisa siya at inaruga ang mga kapwa niya Katipunera at Katipunero na nahirapan at nasaktan man ay pilit na lumaban pa rin para sa kalayaan ng bayan.

Nangahas siyang mangarap na mabuhay ang mga kapwa-Pilipino na 1) may dangal, 2) kayang makapagpasiya at maghimagsik sa banyagang panunupil, at 3) at malayang magsikhay na makipagtulungan tungo sa bagong antas ng kasarinlan at kaunlaran para sa nakararami ng bansa.[43] Kung tutuusin, sa kanyang katandaan ay hindi na niya kinailangang gawin ang kabayanihang ito. Na ginawa at nagawa niya ito ay isang kahanga-hangang pamana niya sa ating bayan.

8.5. Palaisipan pa rin ang kanyang pagkabatikang magsasaka (*landed farmer)* at mangangalakal. Sa limitadong pormal na edukasyon, paano niya nakayanan ang lahat upang gawing

produktibo ang malawak at madawag na lupain sa Banlat (25–100 ektarya nga ba?) —ang kaniyang palayan na may mga sariling kamalig (pito nga ba?), mga hayupang pansaka, ang kanyang tubuhan na may sariling alilisan at kabyawan,[45] ang kanyang puwesto ng kalakal ng bigas, atbp. (na naging Katipunan *contact/ info center*) sa Balintawak? (Alvarez, *Memoirs of a revolutionary,* 1992) —Inialay niya ang sariling kalayaan at kabuhayan ng kanyang pamilya alang-alang sa kilusan tungo sa panibagong kaunlaran ng bayan.

Makabayan. Mapagpaunlad ng yamang-likas sa kapaligiran. Masipag. Masinop sa kabuhayan: Mangangalakal/*Entrepreneur*. Mapagbahagi. Matapang. Mapagmalasakit. Matulungin. —Si Tandang Sora.

# IKALAWANG-BAHAGI

## MULA SA MGA INAPO *(Descendants)*

### Abstract

This session aims (1) to picture Tandang Sora in her descendants' narratives and (2) to describe how the Mga Apo ni Tandang Sora have come to organize themselves and carry on the ideals and memory of their matriarch, a national heroine. The speakers come mainly from the 4th and 5th generation of Tandang Sora descendants. What do they know about her? How do they celebrate her memory? Paano sila iminulat (ng kanilang pamilya at bayan) sa buhay ng kanilang ninuno? How do they organize themselves in the name of Tandang Sora, and for what? Ano ang kanilang pandama at pantugon sa kasalukuyan at hinaharap na mga selebrasyon hinggil kay Tandang Sora?

1. **Papel na binasa ni:**

**Efren Figueroa**
Ika-4 na Salinlahi[46]
Geodetic Engineer
Pangalawang Pangulo, Samahan ng mga Apo ni Melchora "Tandang Sora" Aquino-Ramos, Inc.

## Growing-up in Tandang Sora Day Celebrations

Ladies and Gentlemen:

**WHEN I LEFT UP IN 1978,** after finishing my bachelor's degree, it never occurred to me that I would be back in my alma mater, not to attend a homecoming, but to share our grandmother's heritage and my memories of her, with the people who love freedom the most—the University of the Philippines Diliman (Commune).

My fond memories of the existing bond between the Filipinos and my great, great grandmother date back to the 60s. I

remember how our folks used to celebrate January 5 and 6 as "Tandang Sora days."[47] The festivities were carried out at the old dilapidated marker of Tandang Sora, standing on about a 180 sq.m. lot, near the site of her old house along what is now Banlat Rd., Quezon City. Then very rural, the festivity-site had only a few houses nearby. People seldom visited the place at other times of the year. But during the two-day celebration, one or two brass bands would march throughout Banlat.[48]

In the morning of January 5, a softball sports competition between local teams and visiting players from Marikina and other neighboring communities kicked off the entire celebration. In my boyhood, I marveled at the vast area that had to be cleared for the games. In the evening, there would be shows on a make-shift stage consisting of two flatbed trucks. The shows highlighted the coronation of Miss Luzon, Miss Visayas, Miss Mindanao, and Miss Tandang Sora, along with their escorts. They were all *mga apo ni* Tandang Sora. There would be four known *Makata* who would each praise the four beauties on the stage before crowning them of their titles.

In the morning of January 6, the softball and parlor games continued. In the afternoon of same day, there would be a parade of beauties, not only within barrio Banlat but in the neighboring communities as well. Before the sun set, there would be an election or selection of who, from among the *mga apo* (then from the 3rd generation), would be the president for the following year's celebration. In the evening there would be another stage show. This time, instead of the beauty queens, there would be the honoring of the 2nd generation *apos* of Tandang Sora. I still can remember six of them; namely, Nanang Canuta, Nanang Emeteria, Nanang Munik (Monica) my grandmother and Papong Tano (Cayetano), the only grandson, along with two other grand daughters whose names I cannot remember. As the years passed, one by one, the 2nd generation *apos* disappeared, until no one was there to honor anymore.

This year (2012), only 11 of the 3rd generation *apos* are still alive.

The tradition and site of how and where Tandang Sora had been honored, in the way I have just described, went on until 1971. By then, Himlayang Pilipino Memorial Park had made her a shrine so grandiose that it made us very grateful and proud. For 42 years the Himlayang Pilipino Memorial Park, had been her resting place.[49]

So many mayors, with their string of promises, came and went. But it was only in the time of Mayor Felicisimo Belmonte (ca. 2004) that the new Tandang Sora shrine was built along Banlat Rd. Quezon City. It was actually in this site where she spent the greatest part of her life; and which place she turned into a sanctuary for the wounded and hungry Katipuneros of the Philippine 1896 revolution.

Last January 5, 2012, after long deliberations and negotiations with the management of Himlayang Pilipino, Inc. (H.P.I.), and in the interest not only of the requesting descendants but for the greater interest of the Filipino people as well, the remains of Tandang Sora were exhumed. H.P.I. yielded and let go the remains of Tandang Sora for transfer to the now Dambana ni Tandang Sora. After an overnight vigil at the Quezon City Hall, she had her reinternment in Banlat Rd., Brgy. Tandang Sora, January 6, 2012.

At the culmination of Tandang Sora @ 200 (2012) celebration, and myself being a Geodetic Engineer (UP, 1978), I dream of reconstructing a Tandang Sora "Hacendera" Land map, a consolidation of all the former land properties of Melchora Aquino. My objective is to show not only the extent of the farm from which Tandang Sura derived income, but also her capability to support the Katipuneros in their daily food and shelter requirements during the 1896 Revolution. On this period, Tandang Sora opened wide her granaries and daily slaughtered farm animals to feed hundreds of rebel Katipuneros sheltered

on her hacienda, from where they showed the love for their country in fighting for independence.

Maraming Salamat at Magandang Umaga!

Pagpalain nawa tayong lahat ng Diyos!

**2. Papel na inihanda ni:**

**Perry I. Cleofas**
Ika-4 na Henerasyon[50]
Civil Engineer, Department of Public Works and Highways
Quezon City

## Lola[51] Kong Negosyante ng Bigas

**SA PANAHON NGAYON,** kung nais mo ng kaginhawahan sa buhay—bukod sa iyong propesyon o hanapbuhay—ay kailangang magnegosyo ka. Base sa nailahad na mga kuwento ng ilang negosyante sa akin, nagsimula silang mahirap; at, sa pamamagitan ng pagtitinda, na may kasamang sikap at tiyaga, yumaman sila.

Noon pa mang unang panahon, isang uri ng negosyo ang pagtitinda, na isa rin sa mga pangunahing kabuhayan o pinagkakakitaan ng mga tao. Ang palitan ng produkto ay maaaring salapi o iba pang produkto. Kung kaya, sa paraang pagtitinda rin nagsimula ang pandaigdigang kalakalan. Kung ating babalikan ang kasaysayan ng Pilipinas, malaki ang papel ng pagtitinda o kalakalan, sa buhay ng bansa[52] at maging sa buhay ng indibiduwal na mamayang Pilipino.

Tulad na lamang kaya ng Lola ko na si Melchora Aquino. Dahil sa kanyang kalayuan sa paaralan at pagiging isang babae, naipagkait sa kanya ang pagkakataong makapag-aral. Kaya naman, inilaan niya ang kanyang panahon sa pagtitinda (bukod

sa pagsasaka at/o pangangasiwa ng sakahan) nang siya ay maagang nabalo. Si Lola Sora noon ay may tindahan sa palengke ng Balintawak.[53] Sari-saring produkto ang kanyang itininda. Pangunahin na rito ay bigas; kaya masasabi kong si Lola ay negosyante ng bigas.[54] Bigas—na siya nating pangunahing pagkain at produkto sa Pilipinas sapagkat pagsasaka ang pangunahing kabuhayan dito, tulad ng mga magulang ni Lola at ng aking ama.

Pagtitinda rin nuon ang ipinambuhay n'ya sa kanyang mga anak, lalu na nang siya'y maulila ng kaniyang kabiyak, si Lolo Fulgencio. Isang malaking palaisipan sa akin ang tanong na ito: Kung si Lola Sora ay tunay na negosyante ng bigas, bakit siya nabuhay at namatay na mahirap na gaya ng natatala sa kanyang talambuhay?[55]

Hindi maiiwasan ang ganitong pagtatanong, gawa ng ideyang Pinoy na kapag negosyante ang isang tao, siya ay "mayaman." Kaya naman ipinagmamalaki ko na ako'y apo ni Lola Sora.— Dahil ako ay naging apo ng isang biyudang mayaman na, nakapaglingkod pa sa kanyang kapwa Pilipino, at nagbuwis ng ilang taong pagkatapon sa Guam dahil sa kaniyang ginawang pagtulong/suporta sa Himagsikang 1896.[56]

Sa tingin ko, kaiba si Lola sa karamihang mga negosyante na kahanga-hanga at inspirasyon din naman sa kanilang mga kuwento na "*from rags to riches*." Maituturing kong mas kahanga-hanga si Lola; sapagkat kung ang karamihan ay nagnegosyo sa hangaring yumaman, si Lola ay nagnegosyo ng bigas (atbp.) hindi lamang para mabuhay at kumita; bagkus naging daan ang kanyang negosyo upang tumulong sa kapwa.

Sino ang makalilimot sa kabutihang loob niya, na kapag may mga taong sa kanya'y lumalapit at nangangailangan, siya ay tumutulong ng walang bayad? Nagkakaloob siya nang kusa sa kapwa taong hikahos at salat. At, hindi siya sapilitang naniningil sa mga nangungutang na di nakakabayad.

Higit sa lahat, sino ang makakalimot sa pinakadakila n'yang ginawa nang ang mga Katipunerong napadpad sa kanyang

bukirin/bakuran[57] ay kanyang kinalinga? Ang lamang paninda ng kaniyang tindahan, lalo na ang inimbak n'yang bigas, ay nasimot upang ipakain sa mga Katipunero. Hindi mahalaga na siya'y kumita; bagkus ang nanaig sa kanya'y ang kahalagahan ng pagtulong sa kapwa.

Natatangi rito si Lola kaya nakapagtataka man ang katanungang, bakit siya nanatiling mahirap hanggang sa kanyang pagpanaw sa mundo? —Ito naman ang di nakapagtatakang kasagutan. —Nanatili siyang mahirap—kasabay ng pagkakadakip sa kanya ng mga Espanyoles, na inulit ng mga Amerikano.[58] At bunga ng ginawa n'yang kabayanihan, nagkandaubos ang kanyang ari-arian kabilang na nga ang kanyang tindahan (at palayan, kamalig, tubuhan, alilisan, sabsaban, atbp.).

Si Lola—na nuon ay negosyante ng bigas—ngayon, siya ay kasinghalaga ng bigas sa ating buhay.

Kung paanong sa bawat ipinunlang butil ng palay, pag namunga'y hitik at pag inani'y bubuhay sa maraming tao, nakapag-iwan si Lola Sora ng mga butil ng kabutihan sa pagtulong at pakikipagkapwa. Nakapagbunga ang kanyang lingkod-bayan ng kagalingan sa kapwa Pilipino. Ang kanyang walang pag-aalinlangang paglilingkod ngayon nga'y patuloy na nagiging pitak sa ating kasaysayan.

Sa mga negosyante at sa lahat ng naririto ngayon, isang hamon po sana ang nais kong iwan. Titikisin na lamang ba natin ang ating kapwa sa gitna ng kagipitan habang abala tayo sa pagkita ng salapi? O, ilan kaya sa atin ang maaaring maging Tandang Sora? Hindi baleng hindi kumita makatulong lamang sa kapwang nagigipit.

Lola Sora, tanggapin mo ang pagsaludo namin sa iyo. Dahil kami'y iyong mga apo ikinararangal naming maging bahagi ng iyong kadakilaan. ˜

**3. Papel na binasa ni:**

**Gina Eugenio-Atanacio** (38)
Ika-5ng henerasyon[59]
Komadrona (*Midwife)*
Kasapi, Samahan ng Mga Apo ni Melchora "Tandang Sora" Aquino-Ramos, Inc.

## Pagkamulat kay Tandang Sora

Magandang umaga po!

NUONG UNA SA AKING PAGKAKILALA, ang Tandang Sora ay isang bayani na tumulong, nagpakain at gumamot sa mga Katipunero nuong panahon ng Kastila. Tinatawag siyang "Ina ng Himagsikan."[60] At nang siya'y nahuli, siya ay ikinulong at ipinatapon sa Guam.[61]

Nang ako ay lumaki at nagkaisip na, narining ko sa aking ama sa siya raw ay may dugong bayani, dahil siya raw ay apo ni Tandang Sora. Ako ay nagtaka; paano at bakit siya naging apo (sa talampakan) ni Tandang Sora?

Narinig ko rin nuon na tuwing sasapit ang Enero 6, nagkakaroon daw ng parada at programa sa Himlayang Pilipino at sa lumang Tandang Sora Shrine sa Banlat, Quezon City. Parang *fiesta* raw; meroong parada ng mga naggagandahang dalaga, na habang nagpaparada ay naghahagis ng kendi at mansanas. Kung sino ang Presidente nuon sa magpipinsan, siya ang gumagastos sa *fiesta*.

Ako ay nagsimulang magdadalo sa mga *reunion* ng angkang Tandang Sora noong taong 2009. Dapat daw ay ika-2ng *reunion* iyon ng angkan bilang rehistradong organisasyon ng Samahan ng Mga Apo ni Melchora "Tandang Sora" Aquino-Ramos, Inc. Ang mga kamag-anak lang namin mula sa ika-3 at ika-4 na saling-lahi ang nakarating sa *reunion* na iyon. Subalit ako ay dumating bilang pinakamatandang anak na babae ng aking ama na isa

naman sa mga inapo mula sa ika-4 na saling-lahisalinlahi.[62] Noon, sa pagtitipong iyon, ko lang talaga naintindihan kung paano ako naging isang "apo" ni Tandang Sora, sa pamamagitan ng punong-kahoy ng angkan na sadyang ginawa para sa okasyon. Nasagot na rin ang isang bagay na aking tinatanong mula pa pagkabata. Nakilala ko ang aking mga kamag-anak sa panig ni Tandang Sora. Mula nga noon, ako ay lagi nang sumasali at tumutulong sa iba't-ibang gawain ng Samahan.

Ang mga proyektong aming isinagawa ay mga gawaing pinangunahan na ni Lola. Kaya nga po, ang aming samahan ng mga apo ay nagkakaroon ng iba't-ibang programa na nakatutulong sa mga mamamayan at nangangailangan. Dahil siya ay mapagkalinga at matulungin, kami po ay nagkaroon ng *Medical* at *Feeding Program*. Tulad ng aming Lola Sora, nagpakain kami at pinasuri namin sa manggagamot, hindi nga lang ang mga Katipunero, kundi ang mga batang hikahos sa barangay.

Napakasarap ng pakiramdam at maipagmamalaki na ako ay isa sa mga apo ng isang bayani. Habang kami ay nakasunod sa kanyang mga labi nuong Enero 5, 2012 mula sa Himlayang Pilipino, papuntang Quezon City Hall upang bigyan siya ng *over-night vigil*, nakaramdam ako ng pangingilabot at kasiyahan. Kinabukasan, Enero 6, 2012, na kanyang araw ng kapanganakan, siya ay ibinalik sa kanyang lugar na pinagmulan. Nakita ko ang pagsalubong ng mga batang nakahanay sa kalsada, habang winawagayway nila ang maliliit na bandila. Hindi ko maiwasan ang maluha, lalo na habang papalapit kami sa kanyang bagong *shrine* sa Banlat Rd., Barangay Tandang Sora.

Bilang isang ika-5ng salinlahi ni Tandang Sora, akin nang sinisimulan sa mga anak at pamangkin ko ang pagkilala kay Tandang Sora. —Sino siya sa aming pamilya? At ano ang kabutihan at kontribusyong kanyang nagawa para sa bayan?

Sa darating na Mahal na Araw, Marso 16–17, magkakaroon kami ng "pabasa" sa bagong s*hrine*, sapagkat napatanyag ang aming Lola sa pagbasa ng pasyon. Napag-uusapan na rin po

namin na magkaroon kami ng *scholarship* (*assistance*)para sa aming kamag-anak na kapos sa buhay na gustong makapag-aral. Nais sana naming magkaroon din ng ID bilang pagkakakilanlan na kami ay tunay na apo. Napag-usapan na rin po namin na magpatikim (at makapagbili kaya) ng mga luto at kakaning itinuro sa amin ng aming mga ninuno at magulang, na "katutubo" sa Banlat, tuwing may kapistahan para kay Tandang Sora.[63]

Maraming salamat po!

**4. Papel na binasa ni:**

**Nenita Herrera-Reyes**
Ika-4 na Henerasyon[64]
(Business Administration-Economics)
Licensed Customs Broker; Businesswoman
Kasapi, Lupong Tagapamayapa, Brgy. Tandang Sora, Quezon City, 2012
Kalihim, Mga Apo ni Melchora "Tandang Sora" Aquino Association, Inc.

## Aking Lola, Melchora "Tandang Sora" Aquino,[65] Negosyante

**NABIYUDA NG MAAGA** si Melchora "Tandang Sora" Aquino. At dahil dito, mag-isa niyang itinaguyod ang pagpapalaki sa kanyang anim (6) na maliliit na anak sa yumaong asawa na si Kabesang Fulgencio Ramos.[66]

Bagama't walang pormal na edukasyon, natuto siyang sumulat at bumasa sa mga dasal na itinuro ng kanyang magulang at simbahan. Hindi naging sagabal ang kakulangan sa pinag-aralan si Melchora, upang kanyang pamahalaan ang mga kabuhayan na naiwan ng kanyang mahal na kabiyak. Mayroong mga pataniman sila ng tubo, palay, mga punong kahoy na namunga ng iba't-ibang

prutas at mga pataniman ng gulay. Nakapagtuos siya sa bilihan ng bigas at/o palay.

Katuwang ni Melchora sa kanilang pataniman ng palay ang kanyang mga anak na lalaki at apo na tuwirang kalahok sa lahat ng gawaing bukid. Ang kanyang mga babaeng anak at mga apo naman ay katulong sa pamimitas ng mga bungang kahoy at mga gulay, na kanilang sinusunong at dinadala sa pamilihan (ng Balintawak), kung saan mismo may puwesto si Melchora. Sinasabi ng mga matatanda, na kapag anihan ng prutas nakakapaglipat-lipat sila sa mga puno nang hindi na kailangang bumaba pa sa lupa, sa dami at dikit-dikit na mga puno. Patunay lamang na talagang napakasipag ni Melchora, maging sa pagtatanim ng pinagkukunan ng kanilang kabuhayan.

Nang lalo pang napalago ni Melchora ang kanilang kabuhayan,[67] pitong (7) kamalig ang kaniyang ipinatayo upang pagsidlan ng kanilang mga aning palay. Ang mga kamalig na ito ay nagsilbing pagamutan ng mga sugatang katipunero, panahong Himagsikan, 1896. Kanilang ipinakiskis ang mga aning palay upang maging bigas at kanilang maibenta sa tindahan niya (sa Balintawak), kasama ng mga aning prutas at gulay. Nakapagbigay si Melchora ng mga 100 kaban ng bigas, sampung (10) kalabaw, at iba pang mga pangangailangan ng mga Katipunero sa pamumuno ni Gat. Andres Bonifacio.[68]

Sa laki ng kanilang taniman ng palay at tubo ay nagpundar na rin si Melchora ng sariling alilisan[69] ng tubo, na hila ng kanilang mga alagang kalabaw.

Bagamat pawis at dugo ng kanyang buong pamilya ang puhunan sa kanilang kabuhayan, taos-puso niyang binuksan ang kanilang tahanan at mga kamalig sa mga nangangailangang kababayan na nakipaglaban para sa kalayaan. Sa gulang na 84, itinalaga niya na ialay ang kanyahg buhay at kabuhayan, matulungan lamang ang kapwa, lalo na sa pakikihamok sa ngalan ng inang bayan.~~

## 5. Powerpoint Presentation na inihanda ni:

**Josephine Eugenio-Geronimo**[70]
Ika-4 na Henerasyon
Midwife; Kapitana (bilang kabiyak ng Kapitan), Brgy. Tandang Sora
Pangulo, Our Lady of Anunciation Parish, Mindanao Ave.
Pangulo, Mga Apo ni Melchora "Tandang Sora" Aquino, 2012

ANG KARAMIHAN ng mga larawang nakikita sa Ikatlong bahagi ay mula sa Powerpoint presentation ni Gng. J. E. Geronimo; at, ang iba naman ay mula pa rin sa kagandahang loob ni G. Nelia Ramos-Terrada, sa pakikipagtulungan nila Gng. Nenita Reyes at G. Jacinto Francisco. —Pawang mga inapo ni Tandang Sora.

### BALANGKAS

**A. Transpormasyon ng mga imahe ni Tandang Sora—**

1. Sa kanyang bata-bata pang larawan. Larawan A.1.
2. Sa kaniyang unang rebulto sa Banlat, 1958, 1970 at 2005 marker, sa kasalukuyang marker. Larawan A.3, A.3.1, at A.3.2.
3. Sa kaniyang mural ng pagkadakip nuong 1896 (Caedo, 1971), Himlayang Pilipino Memorial Park, Brgy. Pasong Tamo. Larawan A.4.
4. Sa Pambansang Dambana ni Tandang Sora (Imao, 2012), sa Banlat Road. Larawan A.6.

**B. Punong-kahoy ng angkan *(family tree)* ng "Mga Apo ni Melchora 'Tandang Sora' Aquino, Inc." Limang salinlahi. Revisado. 2013. Larawan B.**

**C. Larawan ng mga Apo, ika-tatlo at ika-apat na Salinlahi. Larawan K.**

**D. Larawan ng mag-inang Melchora at Saturnina. Larawan E.**

## Endnotes

1. Kakaunti pa ang mga naisulat hinggil sa buhay ni Tandang Sora, kung ihahambing sa kaniyang kasabay na bayani tulad nina Gat. Jose Rizal at Gat. Andres Bonifacio. Maliban sa aklat ni Villanueva (2001), walang ibang aklat talambuhay akong natagpuan. At, ang kaunting alam natin hinggil sa kanya ay mula sa salaysay ng manunulat-historyador. Kailangan pang maghanap ng mga dagdag at iba pang batis o *primary sources*… Nota: Isinulat ang malaking bahagi ng papel na ito matapos ang Tandang Sora@200 Kumperensya, 2012.-MCJV

2. M. Camagay at M. Diokno, mga papel na binasa, Tandang Sora@200 Kumperensya, Marso 1, 2012.

3. Ang "punongkahoy ng angkan" *(family tree)* ni Melchora Aquino at Fulgencio Ramos … ay nag-uugat sa mag-asawa na nagkaroon ng anim (6) na anak sa unang salinlahi, na sinundan pa ng anim – pitong henerasyon (hanggang 2012). Sa huling listahan ng kaanak na umabot sa ika- 4 na henerasyon lamang, tinatayang mga 249 na ang kanilang mga inapo (apo-apo) na nakarehistro (Nenita H. Reyes, kalihim ng Mga Apo ni Mechora "Tandang Sora" Aquino-Ramos, Inc., 2012).

4. "*Blurb*" mula sa *flyer* o anunsyo.

5. Patakaran sa paglipat ng mga labi ng isang bayani. … Sinaksihan ang pagkuha ng mga labi ni Tandang Sora bilang isang bayani, mula sa kanyang libingan sa Himlayang Pilipino, ng mga kinatawan ng *National Historical Commission* at sa limitadong bilang ng kanyang mga kaanak, lamang. Walang pahintulot ang mga *media reporter* na makisali o makisaksi sa ganitong sagradong okasyon (Figueroa, Kapanayam, 2012).

6. "Melchora Aquino Shrine Monument Proposed Plan (Walang petsa). File copy. Tandang Sora. Shrine, Banlat Rd., Quezon City. ...

7. Bagong dambana ni Tandang Sora, Lungsod ng Quezon… sa panahon ni Mayor F. Belmonte. Inaprubahan ang panukala nuong 2005. Inumpisahan ang konstruksyon nuong 2007 at, pinasinayahan nuong 2008. Umabot sa P18,181,229.85 ang ginastos sa buong proyekto, at kabahagi dito ang P3,250,000 na ginugol para sa mga *figures* at *mural* lamang. (File copy, Proposed Plan, New Shrine, Banlat Rd. Brgy. Tandang Sora.)

8. Ang *lote ng lumang marker, nasa Krokis ng lokasyon ng dalawang dambana* ni G. Jacinto Ramos-Francisco, Jr. Tagapag-alaga ng bagong dambana, 2012. Ayon sa pagkakaalala ni J. R. Francisco, Jr. ( 59 taong gulang, ika-4 na henerasyon), nuong mga dekada 60-70, o kung kaylan ang mga labi ni T. Sora ay nasa Himlayang Pilipino pa: —Ang kapaligiran ay "…mapuno, madawag o madamong ligaw. May palayan at tubuhan. Naruon na ang daang Banlat ngunit daang-kareta lamang sa kipot. … " …. Nagdagdag dito, ang ika-3ng salinlahi ni Ka Emilio (88 taong gulang, apo ni Saturnina, at ika-3ng salinlahi), na nakakaalala rin ng magubat na lugar na puntahan nila upang dumalaw sa matatanda, o gumawa sa karatig na palayan (Emilio Ramos-Cleofas, Panayam, Enero, 2012. Naging Kagawad, Brgy.Tandang Sora, sa panahong batas militar).

9. Bakuran, ng lumang marker at *half-bust na* rebulto, na kinatirikan ng bahay ni Saturnina Ramos, unang salinlahi. Tinatayang mga 150–170 sq.m. ang laki ng bakurang ito sa Banlat, ca. 1970. (Figueroa, 2012) Galing ang lupa kay Cayetano Ramos, ika-2ng salinlahi. (Jacinto Francisco, Kapanayam, 2012). ... Ginamit din itong sentro na pinagdausan ng mga sinaunang pagdiriwang ng Araw ni Tandang Sora" (Figueroa, Kapanayam, 2013).

10. Ang lumang rebulto, sa dating bakuran nina Saturnina Ramos… ay naging bahagi ng isang *slum area*, nang lumaon. Ngunit ngayon, ang Gawad Kalinga ang namamahala dito. Ang GK ay isang NGO na nakapokus sa gawaing pagpapaunlad, na nag-uumpisa sa pagpapabahay

at tumutuloy sa iba pang kaugnay na aspeto ng pagbubuo ng komunidad at pagpapaunlad tulad ng sa pangkabuhayan, pagsasanay sa pamumuno, atbp.

11. Ang huling naging konsorte ay si Jacinto "Jun" R. Francisco ng "Miss Tandang Sora," 1970. Ang kanyang kapatid, Gloria Francisco-Avena, ay naging *Miss Tandang Sora* rin (huling bahagi ng Dekada 60).

12. Barrio Banlat nuon na bahagi ng Caloocan, na Banilad sa sinaunang pangalan, at nawala na sa ngayon. Tanging ang *Banlat Road* na lamang sa kasalukuyan sng makikita sa mapa ng siyudad Quezon, na tumatagos mula sa *Tandang Sora Avenue* at tumatagos sa *Tandang Sora National Shrine.*

13. G. Atanacio, ika-5ng salinlahi, at J. Geronimo, ika-4 na salinlahi, mga papel na binasa, Marso 1, 2012.

14. Quezon City Ord. 5087, S-62 … Creating the barrio of Tandang Sora in Quezon City and defining the boundaries thereof. Introduced by the Committee on Barrio Government. … "Be it ordained by the Quezon City Council in session assembled: Sec 1. There is hereby created in Q.C. the barrio of Tandang Sora within the area known as Banlat, with the boundaries defined as follows: North - Republic Ave., SouthEast – Visayas Ave., SouthWest – Tandang Sora Ave., NorthWest – Darrio river. Approved and took effect on June 4, 1962. Councilor P. Sebastian presiding officer. Certified correct by R.T. Valdellon, City Secretary. Term of Mayor Norberto Amoranto of Quezon City and Pres. Diosdado. Macapagal, as Pres.of the Philippines." (Sa kagandahang loob ni Ms. Malou Cerilla, Quezon City Gender Office, Quezon City Hall)

15. Ang Lungsod ng Quezon ay unang binuo sa ilalim ng Commonwealth Act No. 502 mula sa mga bahagi ng magkakatabing bayan kabilang ang Kalookan. Nang ilipat ni Pangulo Elpidio Quirino ang kabisera ng bansa sa bagong lungsod mula Maynila sa ilalim ng *Republic Act No. 333*, bahagyang iniba ang boundary o hangganan ng Lungsod Quezon: may inalis at may idinagdag, kabilang ang pagkuha ng higit sampu (10) pang barrio ng Caloocan kasama ang barrio Banlat, Pugad Lawin, atbp. (Tingnan din sa *website* ng Quezon City ang artikulong "*QC: A Saga of Continuing Progress,*" 2007).

16. Matandang Balara, Quezon City… Isang barangay na pinatingkad ng makasaysayang paglakad at pagdaan dito ng mga Katipunero at Katipunera, papunta sa Pinaglabanan sa San Juan, Agosto 1896 (Alvarez; Villannueva). At ngayon, isang bahagi ng mahabang Katipunan Ave. sa Lungsod Quezon ay nasa Barangay Matandang Balara. Nagtatagpo (magkadugtong) ang Katipunan Ave. at Tandang Sora Ave. sa Matandang Balara.

17. Kung pag-uuusapan ay kalsada, natuklasan ni Prop. Michael Tan (CSSP, UP Diliman) ang **Tandang Sora Street** sa San Francisco, California, U.S.A., sa isang distrito na kung saan may mga "enclave" (o komunidad) ng mga Fil-Am sa South of Market Area, malapit sa Bayshore Freeway. Makikita sa Google map ang ilang kalsada rito na ipinangalan din sa iba pang mga bayaning Pilipino ( Tan, 2012).

18. Bahay-toro, Banlat, at Pugad Lawin. Ang mga lugar na pinangyarihan sa pagpunit ng sedula ng mga Katipunero, tanda ng kanilang pagkalas mula sa ilalim ng soberanya ng Espanya, 23 Agosto 1896 (Cristobal, Tragedy of a revolution, 1997).

19. "Gubat" din ang pagkaalala sa Banlat noong kabataan ni Ka Emilio (88 taong gulang, ika-3ng henerasyon, apo sa tuhod ni T. Sora). Namukod ang mga puno ng sampaloc na kanilang pinagkukunan ng bunga at usbong upang ipagbilli, o ilako o gamiting sangkap sa lutong sinampalukang manok. (Emilio Cleofas, Kapanayam, Enero, 2012) … Dagdag pa, mga puno ng sampaloc din sa lugar ni Tandang Sora ang matingkad sa nobelang *Kangkong 1896* (Alabado,1983).

20. Sa *oral o* pasalitang tradisyon, ikinuwento ng mga apo na sa likasang ito ng mga Katipunero at Katipunera, tinatayang nakapagsaing ng 100 kaban ng bigas at nakapagkatay ng 10 kalabaw ang kabahayan nila Tandang Sora (E. Figueroa at Jun Francisco, Panayam, 2012) ... Maganda marahil pag-aralan din ang mga panggagamot ng panahong iyon.

21. Mataas na lugar. Ayon kay G. Jacinto "Jun" Francisco, Jr., Ika-4 na salinlahi, kumbaga apo sa talampakan ni Tandang Sora, apo sa tuhod mula kay Juan Ramos, apo ng Cayetano Ramos, at anak nila Macaria Ramos at Jacinto Francisco, Sr. Kasalukuyang Tagapag-alaga o *Caretaker* ng bagong dambana ni Tandang Sora. Kuwento niya : —"Sa Banlat, *ca.*1960s, malapit sa tabi ng lumang rebulto ni Tandang Sora, may isang (1) malaking punong sampaloc, at anim (6) na malalaking punong santol, at isang (1) malaki, nakahigang puno ng mangga. Sa pagitan ng tatlong punong santol, nagpahukay si Mayor Norberto Amoranto ng *deep well* (o poso) na igibang pambayan. (Ito kaya ay nagtulak na dumami ang *informal settlers* sa paligid?) Sa gawing kaliwa, may mga tanim na mga kape si Tandang Felino Eugenio (naging kabiyak ni Emeteria Ramos na anak ni Saturnina). Sa mga inapo ng pamilyang Aquino-Ramos ang pag-aangkin ng iba sa orihinal na lugar-tirahan ni Saturnina at ni Tandang Sora bago pumanaw, ay nakapapel sa pagkabili ng lupa, ng tagapag-angkin. (Jun Francisco, panayam na may kasamang krokis, *New Shrine*, 2012)

22. Ganito rin ang madalas katawagan sa ngayon sa mga babaeng kabiyak ng mga halal na mga lokal na opisyal, hal., Mayora, o Konsehala, o Kapitana.

23. Tingnan ang papel ni Perry Cleofas, ika-4 na salinlahi, "Lola kong negosyante ng bigas," ikalawang bahagi ng papel na ito.

24. Apolinario Mabini, bayaning manananggol, na sa kabila ng kanyang kahirapan ay nakapag-aral at nakapag-praktis ng batas. Nang siya ay maging paralitiko habang siya ay nakapagtatrabaho, siya ay nagsulat at nakapagbigay ng ideolohiyang politikal sa kasarinlan, pagsasanakapangyayari at pamamahala ng bayan, at identidad ng Pilipino. Kinikilala siya sa kasaysayang Pilipino bilang "utak ng rebolusyon" (Tingnan, C. Adib Majul, 2004. Apolinario Mabini: Revolutionary. National Historical Institute) … Ang pagkasulat ni Gat. Mabini ng liham sa Ingles, sa ngalan ng iba pang Pilipinong naka-*destierro* sa Guam, ay nagpapakita ng ikatlo niyang wika (bukod sa Tagalog at Espanyol) na pawang kanyang ginamit sa pagpapabatid ng kalagayan ng mga kapwa niya Pilipino, sa loob at labas ng bayan/bansa.

25. "Cuartel de Espanya" … ngunit saan iyon—sa Kamaynilaan?

26. J. S. Reguindin, "Ang talambuhay ni Tandang Sora sa pagtuturo ng kasaysayan" (Dec. 10, 2011). Siping pang-alaala ng Quezon City Task Force Tandang Sora, Tandang Sora: Bayani ng bayan, Trinoma Cinema 3 (Sept 1, 2012 ), p. 11. —Kung susundan si Reguindin, maitatanong kung nakarating nga ba si Tandang Sora sa Espanya, subalit ang alam ay hindi nga– MCJV

27. "Guam ay bahagi ng Pilipinas noon." — J. B.Veneracion, Kapanayam, 2012.

28. Si Don Justo Dungca (*sic*) – ay isang tubong Pampanga. (Fernandez, Revisioning Tandang Sora, Papel na binasa, Ika-85 kaarawan ni Tandang Sora, Himlayang Pilipino, Pasong Tamo, 1997, nasa p. 8.) …Kay Reguindin, walang **"g"** ang Dunca.

29. Papuntang Guam, nakasakay daw ni Tandang Sora si Don Justo Dunca (*sic*) sa barkong *Compania Maritima* na sinakyan ng mga *deportados.* (Ayon kay J. Reguindin, Ibid., nasa p. 12.) … Kay Fernandez (1997), Setyembre 2, 1896, isinakay ang mga 171 deportados sa barkong *Charruca;* at, ang tanging kasakay na babae ni Tandang Sora ay si Segunda Fuentes Santiago, na galling Sta. Mesa at dinakip sa Pinaglabanan, San Juan del Monte, Agosto 30, 1896. (Hindi nakatukoy sa papel na nakamakinilya ang pinagkunang batis.)

30. Alzona, E. and Camagay, M. L. 1996, *Encarnacion Alzona: An Anthology,* p. 329.

31. De lata … Libby's Corned Beef, kaya?

32. Dalawang liham. ... Isinulat ni Gat. Apolinario Mabini kay Capt. W. N. McKelvy, Commanding, Island of Guam, Nob. 30, 1901 at Mar. 24 1902. National Historical Commission 1965. The Letters of Mabini, Manila. Pages 283 – __)

33. Pagkatuto, mga gawain ng mga preso sa Guam. … Si Kor. Simon Tecson, halimbawa, ay nag-ukit sa baso ng tirahan at kapaligiran nila sa Guam (Tingnan, aklat ni Luis Z. Tecson, 2011, *Remembering my Lolo: Simon Ocampo Tecson, National Commission for Culture and the Arts.*)

34. Si Atty. Florentino Reyes (S.L.N.), manananggol at geodetic engineer, ay may naiwang listahan ng mga lupa (Land Registration), Oct. 1, 2009. At dito, nakalista ang mga numero ng titulo sa mga pangalang Aquino, Ramos, Cleofas, atbp. Dating kasapi si Atty./Engr. Reyes ng mga gedodetic engineers na nagkikita-kita sa Quezon Memorial Circle upang magkape-kape.

35. Ayon kay J. Veneracion, Propesor ng Kasaysayan (UP Diliman, Retirado), Kapanayam, 2012. Tingnan din ang kanyang *Quingwa:* Mga salaysay na may kasaysayan sa Plaridel, Bulacan, 2013, p. 85–88.

36. Sa pagpapangalan ng mga paaralang elementarya sa Lungsod Quezon, popular ang mga pangalan ng mga bayani o/Katipunero at Katipunera. Halimbawa, bukod kay Tandang Sora, ipinangalan din kay Apolonio Samson, Katipunero, 1896, ang isa pang paaralang elementarya sa Lungsod Quezon. Si Paula Malay (tagapagsalin) ay nagsalita sa talababa (*footnote*) ng pagkakaugnay nila Aquino at Samson: "Matandang Melchora was Melchora Aquino, popularly known as Tandang Sora. Lt. Plonio was Apolonio Samson. Both provided food and lodging to hundreds of katipuneros when they gathered first at Kangkong, Samson's village, and later Pugad Lawin, Tandang Sora's domain just before the outbreak of the revolution" (Sinabi ni P. Malay sa footnote no. 67, nasa Alvarez, 1992).

37. Sino ang makapagsasabi? Abangan po natin ang magiging pag-aaral ni (Geodetic) Engr. Ka Efren (Figueroa, 2012). Binabalak niyang tuntunin, kung maaari pa, ang mga lupain na nasakripisyo ng pamilya sa pagsulong ng Himagsikang 1896. Alin-alin at ilan nga kaya ang lupaing maaaring nababakuran na ngayon ng mga "*gated subdivisions*" na ito?

38. Salin sa Ingles (orihinal): "The decision of the women to join the revolution was actually an articulation of finally leaving their world of domestication and treaded also on what appeared to be an exclusive domain of the men—revolution. Rosario Villaruel, Gregoria de Jesus, Tandang Sora and other Katipuneras and Masonas actually sought women empowerment and the relinquishment of stereotyped women as the 'weaker sex.' …The participation of the women did not only mean the desire to liberate the country. … The freedom of the country should also be translated into their emancipation from what was perceived as 'incidental and peripheral existence in the world of men.' This explains why in the words of La Vanguardia, the women were as excited as the men about the revolution" (Bascara, 2002, pp. 170–171).

39. Zeus Salazar, 1989: "… Dito sa kilusan at rebelyong mesyanikong ito, maipagpapatuloy iyong dating kaalaman ng mga Pilipino. Kadalasan iyong mga rebelyong mesyaniko ay sisimulan ng isang babaylan, o kaugnay o kasama ng isang dato o dili kaya isang importanteng kabahagi o tagapagpagalaw ng rebelyong mesyaniko ng unang babaylan. … Ang babaylan mismo, bago ang Rebolusyong Pilipino, ang naglunsad ng napakaraming rebelyon bilang reaksyon laban sa pagpasok —sa totoo'y panghihimasok—ng mga Kastila sa Pilipinas." Nasa Center for Women's Studies, 1996, *Women's Role in Philippine History*, pp. 61–62.

40. Nakasaad sa Kartilya, na tinitingnan bilang ideolohiyang batayan ng KKK, ang *egalitarian* na samahan ng kalalakihan at kababaihan—"katuwang" at "karamay" ang babae sa buhay (Binanggit ni Ibana, 2012). Nakaboto rin ang mga Katipunera sa *women's chapter* ng KKK at di iilan sa kanila ang sumuong mismo sa Himagsikan, kabilang ang asawa ng Supremo na si Gregoria "Oriang" de Jesus. Tumulong magtago ng mga gawain ng KKK, nag-espiya, lumaban at ang iba ngang mga

Katipunera ay namatay pa na katabi o kasama ang mga Katipunero sa larangan ng digmaan. (Tingnan sina Alcona & Nakpil, 1964; Co, 2000; Martinez, 2002; Martinez-Santos, 1998)

41. Salin mula sa Ingles: "From the List of individuals deported due to political reasons, and their respective destinations, Oct 7, 1896, Melchora Aquino was among those deported to Marianas Islands (of which Guam was one). The places of exile included the Marianas, Yap Islands, Ponape, Fernando Po, Puerto Princesa, Balabac and Jolo. Six (other) women were included in the list of those deported to Fernando Po, namely, Antonia Laureta, Florencia Beltran, Macaria de los Santos, Cecilia Laureta, Miguela Vega, and Teodorica de la Rosa, and twelve men. Manila: Sept 21 – Oct 18, 1896, 18 pages. (Churchill, 2011, p. 68) Underscoring mine. N.B. Wala sa listahan si Segunda Puentes Santiago, na binanggit ni A. Fernandez (1997), na nahuli aniya sa Pinaglabanan, Agosto 30, 1896; at, siya ang nakasabay ni T. Sora sa barko papuntang Guam.

42. Pensyon, bilang pagkilala sa mga sumuporta sa Himagsikan, rehimeng Espanyol at Amerikano. —Sa panahon ng *Philippine Commonwealth,* gumawa ng batas ang lehislatura na bigyan ng pensyon panghabang buhay ang mga Pilipinong nakapaglingkod sa bayan. Hindi ito naging katangap-tanggap kay Tandang Sora. —Sa ulat ni Villanueva (2001), "May 91 taon na si T.Sora nang siya ay makabalik sa Pilipinas. Uugod-ugod. Hikahos. Pero hanggang kamatayan, tinanggihan niya ang pabuya ng gobyerno. Para kay T.Sora, ang makapaglingkod sa bayan ay sapat ng kabayaran."

"Pabuya ng gobyerno," nabanggit nga sa Villanueva, 2001. —Samantala, sa Philippine Legislature Acts (PLA), 1908 – 1920, aklatan ng UP College of Law, matatagpuan dito ang mga batas na nagkaloob ng pensyong panghabang buhay. Halimbawa: 1) PLA No. 2909, Mar 23, 1920. An act establishing and granting a life pension (of P12,000 per annum, to be paid in monthly installments) for the Hon. Cayetano Arellano, under certain conditions,); at 2) PLA No. 2922, Mar 24, 1920. An Act granting a life pension (of P12,000, to be paid in monthly installments at the end of each month) to Gen. Emilio Aguinaldo) —Ngunit hindi natagpuan ng tagapagtalakay (MCJV) ang anumang batas para kay Tandang Sora, bago o matapos siyang pumanaw nuong 1919. Maaari kaya na dahil tumanggi si Tandang Sora sa nasabing pensyong panghabang-buhay sana, hindi na nakagawa ang Lehislatura ng batas na para naman sa kanya? O, nalampasan lamang kaya ng may-akda (MCJV) ang pahina ng batas, kung meron, patungkol kay Tandang Sora? Kailangang sundan ng pananaliksik.

43. Pilipino, mamamayan sa Pilipinas bilang nasyon-estado. Sa panahon nina Tandang Sora, nabuo ang Cadiz Constitution. (Espana, 1812). —Tila pinagtiyap, ang taong 1812 rin ang taong-kapanganakan ni Tandang Sora. —Kinilala at pinatatag ng saligang batas ng Cadiz ang magkakapantay na relasyon ng mga mamamayan, nasa Espanya man sila o nasa kolonya. Nawala ang konsepto ng mananakop at sinakop. Lumitaw ang konsepto ng "citizen" o "ciudadano." o mamamayan. Sa mga rebolusyonaryo nuon, namumuo na ang damdaming makabayan sa pagka-Pilipino, na sila at ang nangyayari sa kanila ay bahagi ng isang pangmundong pananaw at kalakaran. —Globalisasyon sa panahon ni Tandang Sora (Kapanayam, J. Veneracion, UP Diliman, 2012).

44. Hindi pa batid at tiyak kung saan siya nag-aral, o kung nakarating siya sa mababang paaralan. May mga dokumento na siya ay natutong bumasa at sumulat sa mga gawaing simbahang katoliko na dala ng mga Espanyoles. Sila Juan Aquino at Valentina de Aquino ang kanyang mga magulang, na nagmay-ari ng "malawak" na lupain, na "kahit hindi ubod ng yaman" ay "hindi naman hikahos." (Sa pananaliksik ni Rene Villanueva, 2001)

45. "Alilisan" para sa palay; " kabyawan" para sa tubuhan. Mga gamit sa produksyon (Emiliio Cleofas, Kapanayam, 2012.) .

46. Efren Figueroa. Apo sa talampakan. Anak ni Escolastico Figueroa, na anak ni Monica Ramos, na anak ni Juan Ramos, na panganay na anak ni Melchora Aquino at Fulgencio Ramos.

47. "Ang ama (ng may-akda) na si Escolastico Figueroa ay naging pangulo ng Comite de Festejos para kay Tandang Sora, ca. 1973" (Efren Figueroa, Kapanayam, 2012) .

48. Paguulit: Ang Banlat ay dating barrio na sakop ng Caloocan. Inukit mula sa Banlat ang kasalukuyang Barangay Tandang Sora, sa bisa ng Quezon City Ord. No. 5087 1962, "An ordinance creating Barangay Tandang Sora, within the area known as Banlat …"

49. Alalahanin na si Tandang Sora ay unang inilibing sa Museo de los Revolucionarios, La Loma, simula 1919. MCJV

50. Porfirio Cleofas. Apo sa tuhod. Anak ni Emilio Cleofas (ika-3salinlahi), na anak ni Teofila (ika-2ng salinlahi), na anak ni Saturnina (1ng salinlahi.), na anak ni Melchora Aquino at Fulgencio Ramos. …Hindi man nakarating sa kumperensya, nagpadala si G. P. Cleofas ng papel.

51. Si Tandang Sora ay tumira at namatay sa bahay ng anak niyang si Saturnina, ang ina ng Lola Teofila, na ina ni Emilio Cleofas (88), na ama ni G. Perry Cleofas. Ang bahay na ito ay itinayo sa Banlat, Quezon City sa kinalalagyan ng old shrine ni Tandang Sora na makikita pa hangga ngayon. (Wala na ang bahay.) Ang mga sinasaad dito ay galing sa mga kuwento ng mga magulang, kamag-anak, kakilala, at mga ilang babasahin ni G. Perry Cleofas. —MCJV

52. Pandaigdigang kalakalan. Halimbawa ang "galleon trade' bilang isang porma ng pandaigdigang kalakalan na dumaan sa Pilipinas mula sa Mexico papuntang Europa, noong ika-19 siglo (Legarda, 1999) .

53. Sinasabing, nuon pa man, ang pamilihan sa Balintawak, Caloocan ay isang malaki at sentrong kalakalan sa Kamaynilaan at Kalagitnaang Luzon. May mga kubol at puwesto, bukas at walang bubong, na pagdating ng hapon, ang mga paninda at gamit ay inili021 ligpit at nililisan ng mga tao upang balikan muli sa takdang araw ng pamilihan. (P. Cleofas, Kapanayam)... Dito sa pamilihang ito nagkatagpo at nagkakilala si Andres Bonifacio at Tandang Sora. May binabanggit din na isang anak na Katipunero si Tandang Sora sa kasaysayan, si Juan Ramos (Alvarez, 1996).

54. Pagtitinda ng bigas. Sa pagtitinda ng bigas nuon, gumagamit sa pamilihan ng mga panukat tulad ng salop, isang parisukat na yari sa kahoy. At bukod sa bigas, maaaring isiping naruon sa tindahan ni Tandang Sora ang mga sumusunod: pulot na pakain sa kalabaw, mga gamit pansaka tulad ng salakot, lilik na panghawan ng damo at panggapas ng palay, mga lubid, ikmo at iba pang pang-nganga o betel nut (Prosesa Cleofas, Kapanayam, matandang kapatid ni Perry Cleofas, 2013). MCJV ...

55. Isyu ng mahirap. Maaaring pagdebatihan at pag-aralan pa ang "kahirapan at kayamanan" ni Tandang Sora…. MCJV

56. Pansinin pa rin, na ang pagkatapon niya sa Guam ay bahagi ng kanyang buhay na hindi pa lubos na nasasaliksik (Medina, sa *Women of the Philippine Revolution,* ed. ni R. Soriano, 1995; at, Churchill et al. ). —MCJV

57. Ang mga pag-aaring lupain ni Tandang Sora sa Bahay-Toro, Pasong Tamo at Pugad Lawin ay naging mga tipunan ng mga Katipunero, sa Banlat, o Banilad sa matandang pangalan ( Cristobal, 1997)

Alilisan —"sa loob ng malaking kamalig ng alilisan ni Kabesang Sora," p. 254. Salita na isinalin sa salitang "granary" sa Ingles ni P. Malay (Alvarez, 1992). Ngunit, para kay Ka Emilio Cleofas ang "alilisan" ay para sa tubuhan. Ang alilisan ay isang gamit sa pagpiga ng tubo, gawa sa mga kahoy na siyang umiipit sa mga tubo upang mapigaan ng katas, habang hinihila ng kalabaw

na lumalakad paikot. (Cleofas, 88 taong gulang, ika-3ng salinlahi. Panayam sa tulong ni Prosesa Cleofas, anak at tagapag-alaga, 2012) … MCJV

58. Pagkadakip ng Espanyol na inulit ng mga Amerikano.Tingnan: Cristobal, Medina, Villanueva. … MCJV

59. Gina Eugenio-Atanacio. Apo lampas sa talampakan. Ika-5ng salinlahi. —Anak ni Eugenio Eugenio, na anak ni Juan Eugenio, na anak ni Maria Sarmiento, na anak ni Saturnina Ramos, na anak ni Melchora Aquino at Fulgencio Ramos.

60. Ina ng himagsikan. Tingnan si: Villanueva, Rene. 2001. Melchora Aquino: Ina ng himagsikan. Quezon City: Adarna House. Matatagpuan sa aklatan ng Kolehiyo ng Edukasyon, U.P. Diliman, nakahanay sa Children's Books section. Rekomendado ng awtor para sa mga 10-13 taong gulang.

Tingnan din: Alabado, C. (1983), sa paglalarawan kay T.Sora, sa loob ng isang kuwento ng isang 15 taong gulang. Ang nobela ay may gabay ni Teodoro Agoncillo (historyador na tagapayo). Ang salaysay ng isang binatilyong Katipunero —"Ngunit si Tandang Melchora, Tandang Sora ang kanyang palayaw, ay naroon. Balita ko'y may mahigit na 80 taon gulang na siya. Ngunit hayun siya—paligid-ligid sa lahat ng dako—malakas pa't maliksi. Nang kami'y umakyat sa kanyang bahay at siya'y paligid-ligid sa aming lahat upang kami'y madulutan niya ng ginhawa't kasiyahan sa aming pangangailangan—hinihila ang bangkong mauupuan, iniaabot sa amin ang pinggang may kanin at ulam, sinisindihan ang ilawan, inilalatag ang banig at kumot sa sahig, nagpapaigib ng tubig sa bahay—ang tingin ko'y may kabataan pa siya, halos parang batang-bata pang dalaga. Sa kanyang kilos at hitsura'y puno ng sigla't kasiyahan, may lakas ng loob na katulad ng sinabi ni Ka Polonio'y kinakailangan naming lahat ngayon." … "'Aba, maaari bang hahayaan ko kayo, mga kapatid?' ang wika niyang paulit-ulit samantalang siya'y paroot-parito. 'Hindi maaari. Kung ano'ng aki'y inyo rin. Hala sige. Hala sige.'" pp. 91–92.

61. Pagpapatapon sa Guam. Isang malaking mural sa Himlayang Pilipino (Quezon City) na gawa ng eskultor na si Caedo ang naglalarawan ng pagka-aresto ni Tandang Sora bago siya itinapon sa Guam. Bihis baro't saya na may panuelo, maaliwalas ang kanyang mukha habang napapaligiran ng mga sundalong Espanyol sa gulang na 83–84. … Tingnan din: From the " List of individuals deported due to political reasons, and their respective destinations, Oct 7, 1896, Melchora Aquino was among those deported to Marianas Islands (of which Guam was one). The places of exile included the Marianas, Yap Islands, Ponape, Fernando Po, Puerto Princesa, Balabac and Jolo. Six (other) women were included in the list of those deported to Fernando Po, namely Antonia Laureta, Florencia Beltran, Macaria de los Santos, Cecilia Laureta, Miguela Vega, and Teodorica de la Rosa, and twelve men. Manila: Sept 21 – Oct 18, 1896 (18 pages). Churchill, 2011, p. 68. …

In the ship Charucca going to Guam, she was with Segunda Fuentes, "who was captured during the battle of Pinaglabanan at San Juan del Monte, Aug 30, 1896" (A. Fernandez, 1997. Papel na binasa sa Himlayang Pilipino, ika-185 kaarawan ni Tandang Sora. Quezon City. National Centennial Commission)

62. Ika-4 na salinlahi. Sa mga kasapi sa Samahan ng mga Apo ni Melchora "Tandang Sora" Aquino, ang anim na mga anak ni Tandang Sora ay binibilang na kasama sa unang henerasyon. MCJV

63. Halimbawa: Nakatikim na ba kayo ng "tibok-tibok?" "Ito ang aming sawsawan na kaiba sa Banlat para sa suman sa lihiya: pinakuluang galapong malagkit sa gata ng niyog, asukal, pandan at langka" (G. E. Atanacio, Kapanayam, 2012).

64. Nenita H. Reyes. —Apo sa talampakan. Ika-4 na salinlahi. Anak ni Irene Ramos, na anak ni Cayetano Ramos, na anak ni Juan Ramos, na anak ni Mechora Aquino at Fulgencio Ramos.

65. Melchora Aquino. Anak ni Juan Aquino at Valentina de Aquino, na mga magsasaka. Hinahaka na ang pamilya ay umupa sa orden ng simbahang may-ari ng mga lupang kanilang sinaka, tulad ng kagawian nuon. Kung kaya din naman, marahil, malapit sa gawaing simbahan si Tandang Sora, bilang manganganta (cantora) ng simbahan at tagabasa ng pasyon (Villanueva, 2001; Fernandez, 1997). MCJV

66. Fulgencio Ramos. Naging Kabesa ng baryo Banilad, lumang pangalan ng Banlat. Tinaglay din ni Tandang Sora ang titulong “ Kabesa,” bilang maybahay ng isang tunay na Kabesa. Nang panahon iyon, tanging ang mga lalaking marunong sumulat, bumasa at magbilang ang nahirang na Cabeza de barangay ng mga Espanyol. At marahil, si Kabesang Fulgencio na rin ang nakapagpadagdag sa “edukasyon” ni Tandang Sora. (MCJV) … “Nakisalamuha; nakibagay. Nakinig at nakiramay sa ibang taong kapus palad. Napalago ang kabuhayang naiwan ng Kabesa” (Alvarez, sa Villanueva, 2001; Tingnan din, Alvarez, 1992; Panayam, SAMPAKA, 2012 sa Baler, ika-10 Fil-Hispano Pagkakaibigan).

67. Kabuhayang naiwan ni Kabesang Fulgencio. Pinangasiwaan ni Tandang Sora ang palayan, tubuhan, gulayan, hayupan at tindahan/negosyo.

68. S. Alvarez, Memoirs of a general (1992), ang pinakamalapit na sangguniang primarya. Binanggit din ni Villanueva (2001).

69. Alilisan. —Ginamit ang salitang “alilisan” ni Avarez, sa kanyang “Memoirs of a General… “sa loob ng malaking kamalig ng alilisan ni Kabesang Sora,” na isinalin sa Ingles na “granary” ni P. Malay (Nasa Alvarez, S. 1992, p. 254)

70. Apo sa tuhod, anak nila Rosalinda (Raymundo) at Pedro Eugenio, na anak ni Maria Sarmiento at Esteban Eugenio, na anak naman ni Saturnina Ramos, na isa sa mga anak ni Melchora Aquino at Fulgencio Ramos

# Sanggunian

## Mga Aklat


Agoncillo, Teodoro. 1956. *Revolt of the masses.* University of the Philippines.

Alvarez, Santiago V. 1992. *The Katipunan and the Revolution: Memoirs of a general.* Original in Tagalog, text transl. into English, Paula Malay, translator. Center for Asia Studies, Univ. of Wisconsin Madison. Quezon City: ADMU Press. 498 pages, in English & Pilipino.

Alabado, Ceres. 1983. *Kangkong 1896.* Quezon City: New Day Publishers. Isang nobela.

Alzona, Encarnacion & Nakpil (De Jesus), Gregoria. *Julio Nakpil and Philippine Revolution.* Manila, 1964.

Alzona, Encarnacion and Camagay, Maria Luisa. 1996. *Encarnacion Alzona: An anthology.* Diliman: Office of Research Coordination, University of the Philippines.

Bascara, Cornelio. 2002. *Stories from the margins: The other narratives of the Philippine Revolution.* Manila: UST Publishing House.

Co, Jason. 2000. The spirit of 1896: A mirror of the Philippine past, a window on the nation's future. National Centennial Commission (Philippines). Philippine Centennial Commission, 2000. Quezon City: University of the Philippines Press.

Churchill, Bernardita, et al., 2011. *The movement for independence in the Philippines (1896–1898): Calendar of documents in the archives of the cuerpo de vigilancia de Manila,* NCCA. Manila: Phil. Nat. Historical Society, Inc. & the National Commission for Culture and the Arts.

Cristobal, Adrian E. 1997. *Tragedy of the Revolution, Commemorating the Andres Bonifacio Centennial.* Manila: Studio Publishing, Inc.

Jocano, Felipe Landa. 1980. *History of social work in the Philippines: A historical overview.* Quezon City: New Day Publishers.

Legarda, Benito. 1999. *After the galleons, Foreign trade. economic change and entrepreneurship in the 19th century Philippines.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

Martinez, Manuel Festin. 2002. *A historical analysis of the Philippine Revolution: A critical approach to history as simplicity.* Makati: International Academy of Management & Economics. Google Books search.

Santos-Martinez, G., National Historical Institute, Philippine Historical Association, National Centennial Commission.1998. *Proceedings of the series of seminar-workshop and exhibit on oral and local History: The centennial goes to the barrios.* Vol. 2. The Institute. Google Books search.

Soriano, Rafaelita (Ed.) 1995. *Women of the Philippine revolution.* Kaanak '96. Quezon City : Printon Press.

Veneracion, Jaime. 2013. *Quingwa: Mga salaysay na may kasaysayan tungkol sa Plaridel, Bulacan.* Bulacan: MSV Press.

Veneracion, Ma. Corazon J. 1999. *Pagkalinang ng Social Work sa pagtutulungang Pilipino*, Disertasyong doctoral (Mga aralin sa Kapilipinuhan), Sentrong Pang-Asya, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

Villanueva, Rene. 2001. *Melchora Aquino: Ina ng Himagsikan.* Quezon City: Adarna House.


## Mga papel na binasa, monograp, atbp.


Fernandez, Albina P. 1997. *Revisioning Tandang Sora.* Papel na binasa sa "ika-185 kaarawan" ni Tandang Sora, Himlayang Pilipino, Pasong Tamo, Quezon City, Enero 6.

Field, Sean. 2007. *Oral history methodology.* South-South Exchange Programme for Research on the History of Development, Centre for Popular Memory, Historical Studies Dept., Univ. of Cape Town, South Africa and University of the Philippines.

Salazar, Zeus. 1996. *Ang babaylan sa kasaysayan ng Pilipinas.* Women's role in Philippine history: Selected essays. Quezon City: University Center for Women's Studies, University of the Philippines.


## Mga peryodikal


Lopez, A. and Andrade, J. *Philippine Daily Inquirer* "Manila, Quezon City Mark Women's Day." http://newsinfo.inquirer.net/inquirerheadlines/ metro/view/20080308-123457/Manila-Quezon-City-mark-Womens-Day

Ocampo, A. 2012. Tandang Sora: Home on her 200th birthday. *Philippine Daily Inquirer,* Jan 6. Front page.

Quezon City*: A Saga of Continuing Progress*. 2007. *Quezonian Newsletter.* Special Issue. http://www.qcpubliclibrary.org/qcmanuscript.php#genesis_qc

Tan, Michael L. 2012. Tandang Sora. *Philippine Daily Inquirer,* Jan. 6 column.

## Mga dokumento at ulat

Administrative Office. 2012. Brgy. Profile. Barangay Tandang Sora Hall, Quezon City.

National Heroes Commission. 1965. Complaint to Capt. McKelvy, in *The letters of Apolinario Mabini*. Manila.

Phil. Legislature. 1908–1920s. Phil. Legislature Act No. 2909, *An act establishing and granting a life pension for the Hon. Cayetano Arellano, under certain conditions, 1920*; and Phil. Legislature Act No. 2992, An act granting a life pension to Gen. Emilio Aguinaldo, 1920. Quezon City: College of Law Library, UP Diliman.

Reguindin, J. 2012. Kasaysayang-buhay: Kabayanihan at lipunan. Siping pang-alaala, Tandang Sora@200, Bayani ng bayan, Pamahalaang Lungsod Quezon, Sept 1.

Reyes, Florentino (1 Oct 2009). List of Lot holders in the Piedad Estates (1,305 lots) from the Land Registration Authority. Photocopy, personal file.

## Mga batis na nakalap mula sa Internet

Commonwealth Act No. 502: An Act to Create Quezon City. 1939. http://www.chanrobles.com/commonwealthactno502.htm#.UukSQ46wrcQ

Central Bank of the Philippines. 1951. English series. P100.00. http://www.bsp.gov.ph

Koreo Pilipinas. 1969. Selyo ni Tandang Sora. http://philippinestamps.net/R1969.htm

Republic Act No. 33. 1947. An Act to Establish the Capital of the Philippines and the Permanent Seat of the National Government. http://www.gov.ph/1948/07/17/republic-act-no-333/

## Mga Kapanayam

Atanacio, Gina E. 2012. Kapanayam. (Ika-5ng salinlahi ni Tandang Sora). 8 Our Lady's Court, Congressional Ave., Culiat, Quezon City.

Cleofas, Emilio. 2012. Kapanayam (ika-3ng salinlahi ni T.S.). 6 Dominic, Tandang Sora Ave., Quezon City.

Cleofas, Perry. 2012. Kapanayam (ika-4 na salinlahi ni Tandang Sora). Our Lady's Court Subdivision, Congressional Ave., Culiat, Quezon City.

Cleofas, Procesa. 2012. Kapanayam (Ika-4 na salinlahi ni Tandang Sora). 6 Dominic, Tandang Sora Ave., Quezon City.

Figueroa, Efren. 2012. Kapanayam (Ika-4 na salinlahi ni Melchora Aquino), Bagong Dambana, Banlat Rd., Quezon City. Enero 6.

Francisco, Jacinto, Jr. 2012. Kapanayam, ika-4 na salinlahi. Caretaker, New Shrine, Tandang Sora Ave., Banlat Road, Quezon City. March.

Geronimo, Josefina E. 2012. Kapanayam (Ika-4 na salinlahi), CSWCD, UP Diliman, Quezon City.

Reyes, Nenita H. 2012. Kapanayam, ika-4 na salinlahi. New Shrine, Tandang Sora Ave., Banlat Road, Quezon City, March.

Veneracion, Jaime. 2012. Kapanayam, "Globalisasyon, sa panahon ni Tandang Sora." Our Lady's Court Subd., Culiat, Quezon City.

# IKATLONG BAHAGI

## Transpormasyon ng mga Larawan at Imahe ni Tandang Sora

**NOTA: Ang mga larawan at imahe ay mayroon pinagkasunod-sunod na letra at bilang ayon sa balangkas na may apat na bahagi:**
**A – Transpormasyon ng mga larawan at imahe ni Tandang Sora (A.1 – A.7),**
**B, K, D, at E**



LARAWAN 1. Tandang Sora, sa kanyang bata-bata pang larawan ... sa pag-iingat ni Belen Eugenio-Ramos, mula sa lahi ni Saturnina Ramos, sa kanyang anak na si Emeteria S. Eugenio, at ngayon ay nasa pag-iingat ng kanyang anak na si Nelia Terrado ... (A.1 sa loob ng texto)




LARAWAN 2. Lumang P100 salaping papel na may mukha ni Tandang Sora. Central Bank of the Philippines ENGLISH SERIES, issued 1951 P100 piso
http://www.bsp.gov.ph/bspnotes/evolution/BSPNotes/EnglishSeries.pdf
(A.2. Sa loob ng texto)




LARAWAN 3. Mga selyong inilabas nuong 1969, sa kanyang ika-50ng guning-taon ng pagpanaw. http://alexmoises.tripod.com/id216.html ... (A.2.1. sa loob ng texto.)



LARAWAN 4.1. Ang Lumang Rebulto ni Tandang Sora, sa Gulod, Banlat, na may National Historical Commission historical marker,simula 1958, na pinalitan noong 1970 at muli nuong 2005. (Kuha ni J.B. Veneracion, 2012) Sa itaas ay ang pagbisita ni Vice-Mayor Joy Belmonte at ng Mga Apo ni Melchora "Tandang Sora" Aquino, Inc., 2011, kasama ang kapitan ng Barangay Tandang Sora na si Kap. Hector B. Geronimo. Sa kagandahang loob ni Nenita H. Reyes, apo sa tuhod ni Tandang Sora. (A.3.2 sa loob ng texto.)



LARAWAN 4.2. Pagbisita ni VM Joy Belmonte at Mga Apo ni Melchora "Tandang Sora" Aquino, Inc., 2011. (Sa kagadahang loob ni Gng. Nenita H. Reyes, inapo ni Tandang Sora.) (A.3.3. sa loob ng texto.)



LARAWAN 5. Mural ng kaniyang pagkadakip bago ipatapon sa Guam (Caedo, 1971), sa Himlayang Pilipino, Pasong Tamo, Lungsod Quezon. Kuha ni J.B. Veneracion, 2012. (A.4. sa loob ng texto)



LARAWAN 7. Bagong Dambana ni Tandang Sora (Imao, 2012), Banlat Rd., Brgy. Tandang Sora, Lungsod Quezon (Mga kuha ni J. B. Veneracion, 2012)
7.1. (A.6. sa loob ng texto.)




LARAWAN 7.2. (A.6 sa loob ng texto.)




LARAWAN 8. HIBISCUS TANDANG SORA (Hibiscus rosa-sinensis)
(A.7. sa loob ng texto)
http://visitpinas.com/discovering-tandang-sora-shrine-in-quezon-city/gumamela-tandang-sora-hibiscus-rosa-sinensis/



LARAWAN 10. Larawan ng Mga Apo ni Tandang Sora, Ika-3 at Ika-4 na salinlahi (Kuha mula sa Tandang Sora Shrine, Banlat, Quezon City, 2012. Photo on display.)




LARAWAN 11. Colored map of Tandang Sora Shrine. (V.J. Veneracion, Adapted from the © OpenStreetMap Contributors. 2012 )



LARAWAN 12.1. Larawan ni Melchora.

Mula sa pag-iingat ni Belen Eugenio-Ramos, na mula sa lahi ni Saturnina Ramos—sa kanyang anak na si Emeteria S. Eugenio—at ngayon ay nasa pag-iingat ng kanyang anak na si Nelia Terrado ... (Tingnan, Larawan 9, Punung-kahoy ng angkan sa likod ng cover.)



LARAWAN 12.2 Larawan ni Saturnina.

Mula sa pag-iingat ni Belen Eugenio-Ramos, na mula sa lahi ni Saturnina Ramos—sa kanyang anak na si Emeteria S. Eugenio—at ngayon ay nasa pag-iingat ng kanyang anak na si Nelia Terrado ... (Tingnan, Larawan 9, Punung-kahoy ng angkan sa likod ng cover.)